


Mga Karapatan ng Magulang

ABISO NG PROTEKSYON SA PAMAMARAAN NG MARYLAND

*Early Intervention sa Infants at Toddlers
Special Education para sa Preschool at
Special Education*



BINAGO Hulyo 2021



**MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION DIVISION OF
EARLY INTERVENTION/SPECIAL EDUCATION SERVICES**

Mga Karapatan ng Magulang
Abiso ng Proteksyon sa Mga Pamamaraan ng Maryland
Infants at Toddlers, Preschool, Special Education
Enero 2021

© 2013 Maryland State Department of Education

Ang lathalang ito ay na-develop at ginawa ng Maryland State Department of Education (MSDE), Division of Early Intervention/Special Education Services, sa pamamagitan ng mga pondo ng U.S. Department of Education, IDEA Part C Grant #H181A120124, and IDEA Part B Grant #H027A012035A, Copyright 2013, Maryland State Department of Education (MSDE). Ang mga nagbabasa ay pinapahintulutan at hinihikayat na kopyahin at ibahagi ang dokumentong ito, pero dapat bigyang credit ang MSDE Division of Early Intervention/Special Education Services. Naka-reserba ang lahat ng iba pang mga karapatan. Ang Maryland State Department of Education ay hindi nakikitungo ng may diskriminasyon sa batayan ng lahi, kulay, kasarian, edad, pinagmulang bansa, relihiyon, kapansanan, o sexual orientation sa mga bagay na nakaka-apekto sa pagtatrabaho o pagbibigay ng mga access sa mga programa. Para sa mga tanong na may kaugnayan sa patakaran ng department, mangyari lang makipag-ugnayan sa Equity Assurance and Compliance Branch, Office of the Deputy State Superintendent for Administration, Maryland State Department of Education, 200 West Baltimore Street, 6th floor, Baltimore, MD 21201-2595, 410-767- 0433, Fax 410-767-0431, www.MarylandPublicSchools.org. Alinsunod sa Americans with Disabilities Act (ADA), available ang dokumentong ito sa mga alternatibong format, kung hilingin. Makipag-ugnayan sa Division of Early Intervention/Special Education Services, Maryland State Department of Education sa Voice (410) 767-7770 o Fax (410) 333-1571.

Mohammed Choudhury
State Superintendent of Schools

Clarence C. Crawford
President
State Board of Education

Carol A. Williamson, Ed.D.
Chief Academic Officer

Marcella E. Franczkowski, M.S.
Assistant State Superintendent
Division of Early Intervention/Special Education Services

Larry Hogan
Governor

Maryland State Department of Education
Division of Early Intervention/Special Education Services
200 West Baltimore Street
Baltimore, Maryland 21201
410-767-7770 (phone)
410-333-1571 (fax)
<http://www.marylandpublicschools.org>

Ang dokumentong ito ay available mula sa Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services sa mga sumusunod na wika: Amharic, Arabic, Bengali, Burmese, Chinese, Dari), French, Gujarati, Haitian, Hebrew, Hindi, Japanese, Korean, Nepali, Pashto, Portuguese, Russian, Spanish, Tagalog, Turkish, Urdu, at Vietnamese.

TALAMAN NG MGA NILALAMAN

ABISO NG PROTEKSYON SA MGA PAMAMARAAN.....	1
KATUTUBONG WIKA.....	2
ELECTRONIC MAIL	2
PAUNANG NAKASULAT NA ABISO.....	3
Paunawa:.....	3
Nilalaman ng Nakasulat na Abiso:	3
PAHINTULOT	4
IEP – PART B.....	5
Pahintulot ng Magulang sa Paunang Pagtatasa:.....	5
Mga Espesyal na Tuntunin para sa Paunang Pagtatasa ng Mga Wards ng Estado:.....	5
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Serbisyo:	6
Ang Pagbabawi ng Pahintulot sa Magulang para sa Mga Serbisyo:	6
Pahintulot ng Magulang para sa Muling Pagtatasa para sa Mga Bata at Kabataan lang ng IEP:.....	7
Pagsasadokumento ng mga Makatuwirang Pagsisikap para Makakuha ng Pahintulot mula sa Magulang:.....	7
Iba pang Mga Kahilingan sa Pahintulot:.....	7
IFSP – PART C.....	8
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Serbisyo sa pamamagitan ng isang IFSP:	8
Ang mga magulang ay may karapatan rin na tanggihan ang mga serbisyo:.....	9
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Karagdagang Assessment o Evaluation:.....	9
INDEPENDIYENTENG PAGTATASA SA EDUKASYON.....	9
Mga depinisyon:.....	9
Kriterya ng Pamublikong Ahensya:.....	10
Ang Karapatan ng Magulang sa Pagtatasa na Gastos ng Publiko:	10
Pinasimulan ng Magulang na Pagtatasa:.....	11
Mag-request ng isang Pagtatasa ng isang Administrative Law Judge (ALJ):	11
MGA SURROGATE NA MAGULANG	11
Kritesya para sa Mga Surrogate na Magulang:.....	12
PAGKAKOMPIDENSYAL NG IMPORMASYON	12
Mga depinisyon:.....	12
Mga proteksyon:	13
Pahintulot:	14
Mga Karapatan sa Pag-access:.....	15
Rekord ng Access:	16
Pagbabago ng Mga Rekord ayon sa Request ng Magulang:.....	16
Mga Pamamaraan sa Pagsisira ng Impormasyon:	17
Mga Karapatan ng Mga Bata:	17

Pandisiplinang Impormasyon:	17
DISIPLINA SA MGA BATA NA MAY KAPANSANAN	17
Mga depinisyon:.....	18
Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan:.....	18
Mga Serbisyo:	19
Pagpapasya sa Pagpapakita (Manifestation).....	20
Mga Di Karaniwang Pangyayari:.....	21
Pagbabago sa Pagtatalaga:	21
Apela ng Pandisiplinang Kilos:	22
Bata na Hindi pa Napagpasyahan na Karapat-dapat.....	23
Rekumendasyon sa at Pagkilos ng Law Enforcement at Judicial na Mga Awtoridad.....	24
UNILATERAL NA PAGTATALAGA NG MAGULANG SA MGA BATA	24
Limitasyon sa Pagsasauli ng Bayad:.....	25
PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN SA MAGULANG	25
PAGLULUTAS SA MGA DI PAGKAKSUNDUAN	26
Pamamagitan:.....	27
Meeting para Mahikayat ang Pamamagitan:.....	28
Pagkakaiba sa Pagitan ng Reklamo sa Estado at isang Due Process na Reklamo:.....	28
Reklamo sa Estado:.....	29
Paglulutas ng Reklamo sa Estado:	31
Paglulutas ng Reklamo sa Estado na Sumasailalim sa Due Process na Pagdinig:	31
Reklamo ng Due Process:	31
Nilalaman ng Reklamo ng Due Process:	32
Sagot sa Reklamo ng Due Process:.....	32
Pagkakasapat ng Abiso:	33
Katayuan ng Bata Habang May Paglilitis:.....	33
Proseso ng Resolusyon:	34
Mga Pagbabago sa 30 Araw na Batay sa Kalendaryo na Takdang Panahon sa Resolusyon:.....	35
Kasunduan ng Pag-aareglo sa Resolusyon:	36
Pagdinig sa Due Process:.....	36
Ang Administrative Law Judge (ALJ):.....	36
Paksa ng isang Due Process na Reklamo:.....	37
Mga Karapatan sa Pagdinig:	37
Karagdagang Impormasyon sa Pagpapahiwatig:	37
Mga Karapatan ng Magulang:	37
Desisyon sa Pagdinig:	38
Hiwalay na Reklamo ng Due Process:.....	38
Mga Timeline at Kadalian ng isang Pagdinig:.....	38

Pinabilis na Pagdinig sa Due Process (IEP LANG):	39
Mga Desisyon sa Pagdinig:.....	39
Pinalidad ng Desisyon sa Pagdinig:	39
Apela:.....	39
MGA KAUKULANG SINGILIN NG ABOGADO.....	40
IDEA DISPUTE RESOLUTION PROCESSES COMPARISON CHART.....	42

ABISO NG PROTEKSYON SA MGA PAMAMARAAN

34 C.F.R. § 300.504 at § 303.421 at § 303.404

Ang abiso ng proteksyon sa mga pamamaraan ay may kasamang kumpletong pagpapaliwanag sa mga karapatan ng magulang na madaling maintindihan at nasa katutubong wika ng magulang, kung saan naaangkop. Ang abiso ng proteksyon sa mga pamamaraan na ito ay ginagamit sa mga bata na may kapansanan at mga pamilya sa ilalim ng pederal na batas, ang Individuals with Disabilities Education Act.

Ang mga proteksyon na kasama sa dokumentong ito ay naitatag ng pederal na Individuals with Disabilities Education Act (IDEA), 20 U.S.C. §1400 *et seq.*, ang Code of Federal Regulations (CFR), 34 C.F.R. § 300.1 *et. seq.* (IEP) at 34 C.F.R. § 303.1 *et. seq.* Ang (IFSP) at ang mga sumusunod na kabanata ng Code of Maryland Regulations o COMAR: COMAR 13A.05.01, COMAR 13A.08.03, at COMAR 13A.13.01. Ang bawat pampublikong ahensya ay magtatatag, ipapanatili, at ipapatupad ang mga patakaran sa pamamaraan na nakakatugon sa mga requirement ng IDEA. Kung kailan naaangkop, ang abisong ito ay magpapahiwatig kung aling mga seksyon ang naaangkop sa Part B o Part C ng IDEA sa pamamagitan ng paghihiwatig ng IEP para sa Part B at IFSP para sa Part C.

Para sa mga bata at pamilya na nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng isang IFSP, ang mga magulang ay makakatanggap ng kopya ng Mga Proteksyon sa Pamamaraan:

- kasama ng Paunang Nakasulat na Abiso, kasama na kapag ang Early Intervention Services na provider ay nagmungkahi, o tumanggi, o nagpasimula o nagbago sa pagkakakilanlan, pagtatasa, o pagtatalaga ng bata, o ang pagkakaloob ng early intervention (maagang pamamagitan) na mga serbisyo sa bata at sa pamilya ng nasabing bata;
- kapag inirekumenda ang bata sa Early Intervention Services sa ilalim ng Part C; or
- na may kopya ng mga patakaran sa sistema ng pagbabayad ng estado kapag humingi ng pahintulot sa pagkakaloob ng maagang pamamagitan na mga serbisyo.

Para sa mga batang nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng IEP, ang mga magulang ay makakatanggap ng kopya ng dokumento ng mga proteksyon sa pamamaraan ng isang beses sa isang taon, maliban na lang kung ang pampublikong ahensya ay dapat na magbigay ng isa pang kopya ng dokumento:

- Sa paunang rekomendasyon o request ng magulang para sa pagtatasa;
- Sa pagtatanggap ng unang nakasulat na reklamo sa Estado sa isang taon ng pasukan sa paaralan;
- Sa pagtatanggap ng unang reklamo ng due process sa isang taon ng pasukan sa paaralan;
- Kapag nagdesisyon na magsagawa ng isang pandisiplinang kilos; at
- Kung i-request ng magulang.

Ang isang pampublikong ahensya ay maaaring maglagay ng pinakahuling kopya ng abiso ng mga proteksyon sa pamamaraan sa Internet web site nito, kung mayroon man ganitong website.

Ang dokumento ng mga proteksyon sa pamamaraan ay may kasamang kumpletong pagpapaliwanag sa mga karapatan ng magulang, sa isang paraan na madaling maintindihan at sa katutubong wika ng magulang, maliban na lang kung malinaw na hindi ito magagawa. Kung ang katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon ng magulang ay hindi isang nakasulat na lengguwahe, ang pampublikong ahensya ay magsasagawa ng mga hakbang para maisalin-wika ang mga proteksyon sa pamamaraan sa pamamagitan ng pagbibigkas o iba pang mga paraan sa katutubong wika ng magulang o iba pang paraan ng komunikasyon. Ang pampublikong ahensya ay dapat may nakatabing nakasulat na katibayan para maisadokumento ang pagsasalin-wika ng abiso at naunawaan ng mga magulang ang nilalaman ng mga proteksyon sa pamamaraan.

KATUTUBONG WIKA

IEP at IFSP

34 C.F.R. § 300.612, § 300.29, § 303.421, at § 303.25

Ang mga magulang ay may karapatan na makatanggap ng impormasyon sa wikang nauunawaan nila.

Ang katutubong wika, kapag ginamit ng isang indibiduwal na may limitadong kaalaman sa Ingles, ay nangangahulugan ng mga sumusunod:

- Ang wika na karaniwang ginagamit ng taong iyon, o, sa kaso ng isang bata, ang ang wika na karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata;
- Sa lahat ng mga direktang pakikipag-ugnayan sa bata (kasama na ang pagtatasa sa bata), ang wikang karaniwang ginagamit ng bata sa bahay o sa lugar kung saan natututo o nag-aaral.

Para sa isang taong bingi o bulag, o taong walang nakasulat na lengguwahe, ang paraan ng komunikasyon ay ang karaniwang ginagamit ng nasabing tao (tulad ng sign language, Braille, o oral na komunikasyon).

Maaaring hilingin ng magulang ang nakumpletong IFSP o IEP ng kanilang anak para maisalin-wika ito sa katutubong wika ng magulang. Kung ang binibigkas na katutubong wika ng mga magulang ay ginagamit ng higit sa isang porsiyento (1%) ng populasyon ng mga mag-aaral sa lokal na sistema ng paaralan, ang naaangkop na tauhan ng paaralan ay dapat magbigay sa mga magulang ng nakasalin-wika na dokumento sa loob ng 30 araw makalipas ang petsa ng request. Itong isang porsiyento ng requirement sa pagsasalin-wika ay tinatalakay din sa mediation section nitong dokumento.

ELECTRONIC MAIL

IEP at IFSP 34

C.F.R. § 300.505

Maaaring piliin ng mga magulang na makatanggap ng mga abiso sa electronic na paraan kung available ang opsyon na ito. Kung alukin ng pampublikong ahensya na pumili ang mga magulang na matanggap ang mga dokumento sa pamamagitan ng email, maaaring piliin ng magulang na matanggap ang sumusunod sa pamamagitan ng e-mail:

- Paunang nakasulat na abiso;
- Abiso sa mga proteksyon sa pamamaraan; at
- Mga abiso na may kaugnayan sa pag-request ng due process.

PAUNANG NAKASULAT NA ABISO

IEP at IFSP

34 C.F.R. §§ 300.503 at 303.421

Ang mga magulang ay may karapatan na makatanggap ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga kilos ng pampublikong ahensya hinggil sa mga serbisyo ng maagang pamamagitan sa kanilang anak o special education at mga kaugnay na serbisyo.

Paunawa:

Ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay sa mga magulang ng nakasulat na abiso ng may sapat na panahon bago ito mamungkahi, o tanggihan, na pasimulan o baguhin ang:

- Pagkakakilanlan;
- Pagtatasa;
- Programa ng edukasyon;
- Pagtatalaga sa edukasyon ng isang bata;
- Pagkakaloob ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education (FAPE) sa isang bata; o
- Pagkakaloob ng maagang pamamagitan na mga serbisyo sa bata at sa pamilya ng bata sa pamamagitan ng isang IFSP, o
- Pagkakaloob ng espesyal na edukasyon at may kaugnay na mga serbisyo sa bata sa pamamagitan ng isang IEP.

Kapag ang mga nakasulat na abiso ay may kaugnayan sa isang kilos na kailangan ang pahintulot ng magulang, ang pampublikong ahensya ay maaaring kasabay na magbigay ng nakasulat na abiso.

Nilalaman ng Nakasulat na Abiso:

Para sa mga bata at pamilya na nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng isang IFSP, ang nakasulat na abiso ay dapat na:

- Ilarawan ang kilos na iminumungkahi o tinanggihan;
- Ipaliwanag ang mga dahilan sa pagkilos: at
- Isama ang Mga Proteksyon sa Pamamaraan.

Para sa mga batang nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng isang IEP, ang nakasulat na abiso ay dapat na:

- Maglarawan sa (mga) kilos na iminungkahi o tinanggihang gawin ng pampublikong ahensya ;
- Ipaliwanag kung bakit ang pampublikong ahensya ay nagmumungkahi o tumatanggai na gawin ang nasabing (mga) kilos;
- Ilarawan ag bawat pamamaraan ng pagtatasa, assessment, rekord, o ulat ng pampublikong ahensya na ginamit sa pagpapasya para makapagmungkahi o tanggihan ang (mga) kilos;
- Magsama ng pahayag na ang mga magulang ay may mga proteksyon sa ilalim ng mga tadhana ng proteksyon sa mga pamamaraan sa IDEA;

- Sabihin sa mga magulang kung paano sila makakakuha ng deskripsyon ng mga proteksyon sa pamamaraan kung ang kilos na iminumungkahi o tinatanggihan ng pampublikong ahensya ay hindi isang paunang rekomendasyon para sa isang pagtatasa;
- Magsama ng mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong na makaka-ugnayan ng mga magulang para makatulong na maunawaan ang IDEA;
- Ilarawan ang iba pang mga mapagpipilian ng team ng Individualized Education Program (IEP) ng bata na naikonsidera at ang mga dahilan kung bakit ang mga mapagpipilian na iyon ay tinanggihan; aat
- Magkaloob ng paglalarawan ng iba pang mga dahilan kung bakit ang pampublikong ahensya ay nagmungkahi o tumanggi sa kilos.

PAHINTULOT

IEP at IESP

34 C.F.R. § 300.300 at 34 C.F.R. § 303.420

PAHINTULOT NG MAGULANG:

Ang pampublikong ahensya ay dapat na kumuha ng pahintulot ng magulang para ma-assess ang isang bata para sa parehong maagang pamamagitan at espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, bago magkaloob ng maagang pamamagitan at special education at mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon. Ang mga magulang ay may karapatan na bawiin ang pahintulot kahit kailan. Heto ang ilang mga eksepsyon sa pahintulot para sa pagtatasa.

Ang pahintulot ay nangangahulugan na ang mga magulang:

- Ay ganap na nabigyang impormasyon sa lahat ng mga impormasyon na may kaugnayan sa aktibidad kung saan ang pahintulot ay hangad, sa kanilang katutubong wika o iba pang paraan ng komunikasyon;
- Unawain at sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan sa pagsasagawa ng aktibidad kung saan ang kanilang pahintulot ay hangad at ang pahintulot ay naglalarawan sa aktibidad at naglilista ng mga rekord (kung mayroon man) ay ipapalabas at kung kanino ito ipapalabas; at
- Unawain na ang pagbibigay ng pahintulot ay kusang-loob at maaaring bawiin kahit kailan.

Kung bawiin ng mga magulang ang pahintulot, hindi nito kakanselahin ang isang kilos na naganap sa pagitan ng panahon na natanggap ng pampublikong ahensya ang pahintulot at bago ito bawiin.

Kung bawiin ng magulang ang pahintulot, sa pamamagitan ng kasulatan, para sa kanilang anak na makatanggap ng special education na mga serbisyo makalipas ang paunang pagkaloob ng special education at mga nauugnay na serbisyo sa bata, ang pampublikong ahensya ay hindi kinakailangang baguhin ang mga rekord sa edukasyon ng bata para alisin ang alinmang mga sanggunian sa pagtanggap ng bata ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito dahil sa pagbabawi ng pahintulot.

IEP – PART B

Pahintulot ng Magulang sa Paunang Pagtatasa:

Ang pampublikong ahensya ay dapat makakuha ng pahintulot ng magulang bago magsagawa ng paunang pagtatasa sa bata para matiyak kung ang bata ay karapat-dapat para sa special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito, at bago bigyan ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon.⁽¹⁾ Bago makakapagsagawa ang pampublikong ahensya ng paunang pagtatasa sa bata para malaman kung ang bata ay karapat-dapat para sa special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito, ang pampublikong ahensya ay kailangan na:

- Magbigay sa mga magulang ng paunang nakasulat na abiso sa minungkahing kilos; at
- Makakuha ng may kabatirang pahintulot (informed consent) mula sa magulang bago gawin ang unang pagtatasa; at
- Kailangang magbigay sa magulang ng kopya ng mga abiso ng proteksyon sa mga pamamaraan bilang dagdag sa paunang nakasulat na abiso.

Ang pampublikong ahensya ay dapat may makatuwirang mga pagsisikap na kumuha ng may kabatirang pahintulot para sa paunang pagtatasa para makapagpasya kung ang bata ay isang batang may kapansanan na kinakailangan ang pagkaloob ng espesyal na edukasyon at ng mga nauugnay na serbisyo. Kung ang magulang ng isang bata ay naka-enroll sa pampublikong paaralan o hangad na ma-enroll sa isang pampublikong paaralan ay hindi nagbigay ng pahintulot para sa paunang pagtatasa, o kung mabigo ang magulang na tumugon sa isang kahilingan para magbigay ng pahintulot sa paunang pagtatasa, o kung nabigo ang magulang na tugunan ang isang kahilingan na magbigay pahintulot, ang pampublikong ahensya ay maaari, pero hindi kinakailangan, na ipagpatuloy ang unang pagtatasa sa bata sa pamamagitan ng paggamit ng mga proteksyon sa mga pamamaraan na tinalakay dito, tulad ng pamamagitan o due process na reklamo.⁽²⁾

Kung ang magulang ng isang bata na nilagay sa home school o nasa pribadong paaralan ng mga magulang sa sarili nilang gastos ay hindi nagbigay ng pahintulot para sa paunang pagtatasa o sa muling pagtatasa, o kung ang magulang ay nabigo na sumagat sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot, ang pampublikong ahensya ay hindi maaaring gumamit ng mga override na pamamaraan na inilarawa sa itaas.⁽³⁾

Ang pahintulot ng magulang sa paunang pagtatasa ay hindi nangangahulugan na ang magulang ay nagbibigay rin ng pahintulot sa pampublikong ahensya na simulang pagkalooban ng maagang pamamagitan o special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito sa kanilang anak.

Mga Espesyal na Tuntunin para sa Paunang Pagtatasa ng Mga Wards ng Estado:

Kung ang isang bata ay isang ward ng Estado at hindi nakatira kasama ang kaniyang mga magulang, di kailangan ng pampublikong ahensya ang pahintulot ng magulang para sa paunang pagtatasa para malaman kung siya ay isang bata

na may kapansanan kung:

⁽¹⁾ 34 CFR § 300.300(a).

⁽²⁾ 34 CFR § 300.300(a)(3)(i).

⁽³⁾ 34 CFR § 300.300(d)(4)(i-ii).

- Maliban sa mga makatuwirang pagsisikap na gawin ito, hindi mahanap ng pampublikong ahensya ang magulang ng bata;
- Ang mga karapatan ng magulang ay natapos alinsunod sa batas ng Estado; o
- Nagtalaga ang hukom ng karapatan na magdesisyon sa edukasyon at pahintulot para sa isang paunang pagtatasa sa isang indibiduwal maliban sa magulang.

Pahintulot ng Magulang para sa Mga Serbisyo:

Ang pampublikong ahensya ay dapat makakuha ng may kabatirang pahintulot bago magbigay ng special education at mga nauugnay na serbisyo sa isang bata sa unang pagkakataon. Ang pampublikong ahensya ay hindi dapat gumamit ng pamamagitan o due process na mga pamamaraan para makuha ang pagsang-ayon o pag-uutos na ang special education at ang mga nauugnay na serbisyo ay maaaring ibigay sa bata nang walang pahintulot mula sa magulang kung ang mga magulang ay:

- Tumanggi sa pagbibigay ng pahintulot para ang kanilang anak ay makatanggap ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo; o
- Hindi tumugon sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot para sa pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon.

Kung ang mga magulang ay tumanggi na magbigay ng pahintulot para ang kanilang anak ay makatanggap ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung ang mga magulang ay hindi sumagot sa isang kahilingan para magbigay ng pahintulot, ang pampublikong ahensya ay:

- Hindi lumalabag sa kahilingan ng gumawa ng naaangkop na free appropriate public education (FAPE) na available para sa kanilang anak; at
- Hindi kailangang magkaroon ng Individualized Education Program (IEP) meeting o mag-develop ng isang IEP para sa kaniyang anak.

Ang Pagbabawi ng Pahintulot sa Magulang para sa Mga Serbisyo:

Kung ang magulang ng isang bata ay nagbawi ng pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan para sa patuloy na pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo, kahit kailan makalipas ang pampublikong ahensya ay nag-umpisa sa paunang pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo, ang pampublikong ahensya ay:

- Hindi kailangan na baguhin ang mga rekord ng edukasyon ng bata para maalis ang anumang mga sanggunian sa pagtatanggap ng bata ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo dahil sa pagbabawi ng pahintulot;
- Maaaring hindi magpatuloy na magbigay ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa bata, pero kailangang magbigay ng paunang nakasulat na abiso sa magulang ng nakasulat na request ng magulang na ihinto ang lahat ng special education at mga nauugnay na serbisyo, bago mahinto ang pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo;
- Hindi maaaring gamitin ang pamamagitan o due process na mga pamamaraan para makuha ang pahintulot o pag-uutos na ang mga serbisyo ay maaaring ibigay sa bata;
- Ay hindi ikokonsidera na lumalabag sa kahilingan na gawing available ang FAPE sa bata dahil ang kabiguan na magkaloob sa bata ng karagdagang special education at ng mga nauugnay na serbisyo; at
- Hindi kinakailangan na hilingin ang isang pagpupulong ng IEP Team o mag-

develop ng isang IEP para sa bata para sa mga karagdagang pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito.

Ang pagbabawi ng pahintulot ay hindi kinakansela ang kilos na naganap sa pagitan ng panahon na nakatanggap ang pampublikong ahensya ng pahintulot at bago bawiin ang pahintulot.

Pahintulot ng Magulang para sa Muling Pagtatasa para sa Mga Bata at Kabataan lang ng IEP:

Ang pampublikong ahensya ay dapat kumuha ng may kabatirang pahintulot bago ito magsagawa ng muli ng pagtatasa sa isang bata, maliban kung ang pampublikong ahensya ay maaaring mapatunayan na:

- Ito ay may makatuwirang mga hakbang para makatamo ng pahintulot ng magulang para sa muling pagtatasa; at
- Hindi nagbigay ng sagot o tugon ang magulang.

Kung tumangging magbigay ng pahintulot ang mga magulang para sa mga bagong pagtatasa, ang pampublikong ahensya ay maaaring, pero hindi naman kinakailangan, hilingin na i-override ang pagtanggap ng magulang sa pamamagitan ng paggamit ng mediation o due process na mga pamamaraan para hamunin ang pagtanggap ng magulang na magbigay ng pahintulot. Tulad ng paunang pagtatasa, ang pampublikong ahensya ay hindi lumalabag sa mga obligasyon nito sa ilalim ng IDEA kung tumanggi itong sundin ang mga bagong pagtatasa.

Pagsasadokumento ng mga Makatuwirang Pagsisikap para Makakuha ng Pahintulot mula sa Magulang:

Ang pampublikong ahensya ay dapat kumuha ng mga dokumento ng mga makatuwirang pagsisikap upang makakuha ng pahintulot mula sa magulang para sa mga paunang pagtatasa, para makapagbigay ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, para sa mga muling pagtatasa, at para mahanap ang mga magulang ng mga ward ng Estado para sa mga paunang pagtatasa.

Kailangang kabilang sa mga dokumento ang rekord ng mga pagsubok ng pampublikong ahensya na makakuha ng pahintulot mula sa magulang, tulad ng:

- Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o mga tinangka at resulta ng mga tawag na iyon;
- Mga kopya ng correspondence o mga kasulatan na ipinadala sa mga magulang at anumang mga sagot na natanggap; at
- Mga detalyadong rekord ng mga pagbisita sa tahanan ng magulang o sa lugar kung saan nagtatrabaho ang magulang at ang mga resulta ng mga pagbisita na iyon.

Iba pang Mga Kahilingan sa Pahintulot:

Ang pahintulot ng magulang ay hindi kinakailangan sa harap ng isang pampublikong ahensya:

- Nirerepaso ang mga kasalukuyang data bilang parte ng paunang pagtatasa ng inyong anak o muling pagtatasa; o
- Binibigyan ang anak ninyo ng isang test o iba pang pagtatasa na binibigay sa lahat ng mga bata maliban kung, bago ang isang pagsusuri o pagtatasa, kailangan ang pahintulot mula sa lahat ng mga bata.

Di maaaring gamitin ng pampublikong ahensya ang pagtanggap ng magulang sa pahintulot upang tanggihan ang magulang o ang bata sa anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

Kung ilagay ng magulang sa home school ang kanilang anak o i-enroll ang kanilang anak sa isang pribadong paaralan sa sarili nilang gastos, maaaring hindi gamitin ng pampublikong ahensya ang pamamagitan o due process na mga pamamaraan para ma-override ang pahintulot, at ang pampublikong ahensya ay hindi kinakailangang ikonsidera ang kanilang anak bilang karapat-dapat para sa mga serbisyo sa ilalim ng 34 C.F.R. §§ 300.132-300.144, kung:

- Ang magulang ay hindi nagbigay pahintulot para sa unang pagtatasa ng kanilang anak o muling pagtatasa nito; o
- Nabigo ang magulang na sumagot sa isang kahilingan na magbigay ng pahintulot.

Bilang karagdagan sa mga kilos kung saan ang IDEA ay nangangailangan ng pahintulot mula sa magulang (paunang pagtatasa, paunang pagkakaloob ng mga serbisyo, at muling pagtatasa), hinihiling sa batas ng Maryland na ang IEP team ay dapat na kumuha ng nakasulat na pahintulot ng magulang kung iminungkahi ng team na:

- I-enroll ang bata sa isang alternatibong edukasyon na programa na hindi nagpapalabas o hindi nagbibigay ng mga credit patungo sa isang Maryland High School Diploma;
- Kilalanin ang bata para sa pagtatasa sa alternatibong edukasyon na nakahanay sa alternatibong curriculum ng Estado; o
- Isama ang pagpipigil o paghihiwalay sa IEP para matugunan ang pag-uugali ng bata tulad nang inilarawan sa COMAR 13A.08.04.05.

Kung ang magulang ay hindi nagbigay ng nakasulat na pahintulot sa alinmang sa mga iminungkahing kilos na nakalista sa itaas, ang IEP team ay dapat magpadala sa magulang ng nakasulat na abiso ng kanilang mga karapatan ng hindi mas tatagal sa limang (5) araw na may pasok sa trabaho makalipas ang meeting ng IEP team na nagsasabi sa kanila na:

- Ang magulang ay may karapatan na pahintulutan o tanggihan ang pahintulot sa iminungkahing kilos; at
- Kung ang magulang ay hindi nagbigay ng nakasulat na pahintulot o isang nakasulat na pagtanggap sa loob ng labinlimang (15) araw na may pasok nang meeting ng IEP team, ang IEP team ay maaaring magpatupad ng iminungkahing kilos.

Kung ang magulang ay tumanggap sa pahintulot sa alinman sa mga iminungkahing mga kilos na nakalista sa itaas, maaaring gamitin ang opsyon ng pampublikong ahensya ang resolusyon sa di pagkakasunduan na nakalista sa Education Article §8-413 (pamamagitan o due process) para malutas ang paksa.

IFSP – PART C

Pahintulot ng Magulang para sa Mga Serbisyo sa pamamagitan ng isang IFSP:

Ang mga magulang ay dapat na magbigay ng may kabatirang pahintulot sa:

- Lahat, mga screening, evaluation, at assessment ng bata at pamilya.
- Pagpapasimula sa pagkakaloob ng maagang pamamagitan ng mga serbisyo at mga karagdagang assessments
- Kung ang nakasulat na pahintulot ay hindi nabigay, ang lokal na lead agency ay

dapat gumawa ng mga makatuwirang pagsisikap para matiyak na ang magulang ay:

- Ganap na alam ang kalikasan ng pagtatasa at assessment o mga serbisyo na magiging available; at
- Nauunawaan na ang bata ay hindi makakatanggap ng pagtatasa at assessment o mga serbisyo maliban kung nakapagbigay ng nakasulat na pahintulot.

Ang mga magulang ay may karapatan rin na tanggihan ang mga serbisyo:

Maaaring pagpasyahan ng magulang ng isang karapat-dapat na bata kung sila, o ang kaniyang anak, o ang iba pang mga miyembro ng pamilya ay tatanggap o tatanggi sa anumang maagang pamamagitan na serbisyo at maaaring tanggihan itong serbisyo makalipas na paunang tanggapin ito ng hindi isinasakapalaran ang iba pang mga maagang serbisyo ng pamamagitan. Kung piliin ng magulang ang patuloy na maagang pamamagitan na mga serbisyo para sa bata na may edad na tatlo o mas matanda pa sa pamamagitan ng Extended IFSP, kailangang magsama ng isang educational na component. Kung hindi gusto ng magulang ang educational na component, hindi sila karapat-dapat na tumanggap ng maagang pamamagitan na mga serbisyo.

Pahintulot ng Magulang para sa Mga Karagdagang Assessment o Evaluation:

Kailangang kumuha ang pampublikong ahensya ng may kabatirang pahintulot bago ito magsagawa ng mga karagdagang indibiduwal na pagtatasa at mga assessment ng bata. Kung hindi nagbigay ng pahintulot ang magulang, ang lead agency ay dapat na magsagawa ng makatuwirang mga pagsisikap para matiyak na ang magulang:

- Ay ganap na alam ang kalikasan ng pagtatasa at assessment ng bata na magiging available; at
- Nauunawaan na ang bata ay hindi makakatanggap ng pagtatasa at assessment maliban kung magbigay ng pahintulot.

Kung tumangging magbigay ng pahintulot ang mga magulang para sa mga karagdagang pagtatasa o assessment, di maaaring gamitin ng pampublikong ahensya ang due process na mga pamamaraan para hamunin ang pagtanggap ng magulang na magbigay ng pahintulot.

INDEPENDIYENTENG PAGTATASA SA EDUKASYON

IEP Lamang

34 C.F.R. § 300.502

Kung di sumang-ayon ang isang magulang sa isang pagtatasa na nakumpleto ng pampublikong ahensya, ang magulang ay may karapatan na ipatasa ang bata ng ibang tao na hindi nagtatrabaho para sa pampublikong ahensya.

Ang mga magulang lang ng bata na may kapansanan sa ilalim ng Part B ay may karapatan sa isang independiyenteng pagtatasa.

Mga depinisyon:

- Ang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon ay nangangahulugan na isang pagtatasa na isinagawa ng naaangkop na kuwalipikadong tauhan na hindi kinuha sa trabaho ng pampublikong ahensya na responsable para sa edukasyon ng bata; at
- Nangangahulugan ang pampublikong gastusin na ang pampublikong ahensya ay nagbabayad para sa kumpletong gastos ng pagtatasa o tinitiyak na ang pagtatasa ay

ipinagkakaloob ng walang gastos para sa mga magulang.

Ang mga magulang ay may karapatan na kumuha ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon ng kanilang anak sa ilalim ng IDEA na sasailalim sa mga pamamaraang nakasaad sa ibaba. Ang pampublikong ahensya ay magbibigay sa mga magulang, sa kahilingan ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon, ng impormasyon tungkol sa:

- Kung saan makukuha ang isang pagtatasa sa edukasyon; at
- Ang naangkop na kriterya ng pampublikong ahensya para sa isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon.

Kriterya ng Pampublikong Ahensya:

Kapag ang isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon ay gastusin ng publiko, ang kriterya kung saan natamo ang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon, kasama ang lokasyon ng pagtatasa at mga kuwalipikasyon ng examiner, ay dapat pareho tulad ng kriterya na ginagamit ng pampublikong ahensya kapag pinasimulan nito ang isang pagtatasa, hanggang sa saklaw na umaalinsunod ang nasabing kriterya sa karapatan ng mga magulang sa isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon. Maliban sa kriterya na inilarawan sa itaas, hindi maaaring pilitin ng isang pampublikong ahensya ang mga kondisyon o timeline na may kaugnayan sa pagtatamo ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon na ang publiko ang gagastos.

Ang Karapatan ng Magulang sa Pagtatasa na Gastos ng Publiko:

Ang mga magulang ay may karapatan sa isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon lamang na gagastusan ng publiko tuwing magsagawa ang pampublikong ahensya ng isang pagtatasa kung:

- Ang mga magulang ay hindi sumasang-ayon sa isang pagtatasa na natamo ng pampublikong ahensya.⁽⁴⁾ o
- Ang mga magulang ay magsusumite sa pampublikong ahensiya ng nakasulat na kahilingan para sa isang pagtatasa sa edukasyon na isasagawa ng pampublikong ahensya at ang pampublikong ahensiya ay:
 - Hindi tumugon sa kahilingan sa loob ng 30 araw; o
 - Inaprubahan ang kahilingan ngunit hindi naganap ang pagpupulong sa pagtatasa sa edukasyon, nang walang kasalanan ang magulang, sa loob ng:
 - Animnapung (60) araw pagkatapos ng petsa kung kailan natanggap ng pampublikong ahensiya ang kahilingan; o
 - Kung ang Estado ay nasa ilalim ng isang Emerhensiya ng Estado na iprinoklama ng Gobernador, siyamnapung (90) araw pagkatapos ng petsa kung kailan natanggap ng pampublikong ahensiya ang kahilingan.

Kung ang mga magulang ay humiling ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon na gagastusan ng publiko, ang pampublikong ahensiya ay dapat, nang walang di kinakailangang pagkakaantala, aprubahan ang proseso ng pag-aayos ng pagtatasa na gagastusan ng publiko, o tanggihan ang kahilingan at magsampa ng due process na pagdinig.

⁽⁴⁾ 34 CFR § 300.502(b)(5).

Kung ang pampublikong ahensya ay nagpasimula ng isang due process na pagdinig at ang panghuling desisyon ay naaangkop ang pagtatasa ng pampublikong ahensya, ang mga magulang ay mayroon pa rin karapatan para sa isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon, pero hindi ito gastos ng publiko.

Kung ang mga magulang ay humiling ng isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon, ang pampublikong ahensya ay maaaring humiling sa mga magulang ng dahilan kung bakit tumatangi ang mga magulang sa pampublikong pagtatasa. Gayunman, ang pagpapaliwanag ng magulang ay hindi kinakailangan at ang pampublikong ahensya ay di maaaring ipaantala nang walang pangangatuwiran ang pagkakaloob ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon na gastos ng publiko o pagpapasimula ng due process na pagdinig para ipagtanggol ang pagtatasa ng pampublikong ahensya.

Pinasimulan ng Magulang na Pagtatasa:

Ang mga magulang ay parating may karapatan na kumuha ng independiyenteng pagtatasa sa edukasyon mula sa mga kuwalipikadong propesyonal na pinili nila, sa sarili nilang gastos. Ang mga resulta ng isang pinasimulan ng magulang na mga pagtatasa ay dapat ikonsidera ng pampublikong ahensya at ng IEP team, kung nakakatugon ito sa kriterya ng pampublikong ahensya, kapag nagsasagawa ng anumang mga desisyon bilang paggalang sa kondisyon ng FAPE sa bata.⁽⁵⁾ Ang mga resulta ng pinasimulan ng magulang na pribadong pagtatasa ay maaari rin ipakita bilang katibayan sa due process na pagdinig hinggil sa bata.

Mag-request ng isang Pagtatasa ng isang Administrative Law Judge (ALJ):

Kung ang Administrative Law Judge (ALJ) kasama ng Office of Administrative Hearings (OAH) ay nag-request ng isang independiyenteng pagtatasa sa edukasyon bilang parte ng isang due process na pagdinig, ang gastos sa pagtatasa ay dapat bayaran ng publiko.

MGA SURROGATE NA MAGULANG

IEP at IESP

34 C.F.R. § 300.519 at § 303.422

Ang lokal na lead agency, ang lokal na sistema ng paaralan, o sa ilang mga pangyayari, ang isang hukom ay maaaring magtalaga ng isang surrogate na magulang na kumatawan sa isang karapat-dapat na bata kung:

- Ang magulang ay hindi maaaring kilalanin;
- Ang pampublikong ahensya makalipas sa mga makatuwirang pagsisikap na hindi mahanap ang magulang ng bata; o
- Ang bata ay isang ward ng State of Maryland.
- Ang lead agency ay dapat magsagwa ng mga makatuwirang pagsisikap para matiyak na ang pagtatalaga ng isang surrogate na magulang ng hindi hihigit sa 30 araw makalipas matiyak ng pampublikong ahensya na ang bata ay nangangailangan ng isang surrogate na magulang.

⁽⁵⁾ 34 CFR § 303.502(c).

Kritesya para sa Mga Surrogate na Magulang:

- Walang pagsasalungat sa mga interest ng bata
- May kaalaman at mga kakayahan para matiyak ang sapat na pangangatawan sa bata
- Hindi isang empleyado ng Estado o isang empleyado ng anumang provider ng serbisyo na kabilang ang pagkakaloob ng maagang pamamagitan o iba pang mga serbisyo ng bata o sa pamilya ng bata

Sa sandaling nakapagtalaga ng Surrogate na Magulang, ang Surrogate na Magulang ay may parehong mga karapatan bilang isang magulang para sa lahat ng mga layunin.

- Ang Mga Surrogate na Magulang ay hindi ikokonsidera bilang empleyado ng ahensya dahil lang sila ay binayaran ngi sang pampublikong ahensya para maging isang surrogate na magulang.

Ang lokal na lead agency o ang lokal na sistema ng paaralan ay magsasabi sa State Superintendent of Schools, o sa naitalaga ng Superintendent tungkol sa pagtatalaga ng magulang. Ang surrogate na magulang ay maaarign kumatawan sa isang bata sa lahat ng mga paksa na may kaugnayan sa:

- Pagtatasa at assessment ng bata;
- Pag-develop at pagpapatupad sa IFSP ng bata, kasama na ang taunang mga pagtatasa at mga pana-panahong reviews;
- Pag-develop, pag-review, at pagbabago sa IEP ng bata;
- Patuloy na pagkakaloob ng maagang pamamagitan na serbisyo sa isang bata at pamilya sa pamamagitan ng IFSP; o
- Pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa isang bata sa pamamagitan ng IEP.

PAGKAKOMPIDENSYAL NG IMPORMASYON

IEP at IESP

34 C.F.R. §§ 300.610-627 at 34 C.F.R. §§ 303.401-417

Ang mga magulang ay may karapatan na i-review ang mga rekord ng kanilang anak at hilingin sa pampublikong ahensya na iwasto ang rekord ng kanilang anak ung sa palagay nila na ang rekord ay hindi tama. Ang pahintulot ng magulang ay dapat matamo bago ang pagpapalabs ng personal na nagpapakilalang impormasyon, ngunit ang inyong pahintulot ay hindi kinakailangan sa ilang mga pangyayari, tulad nang inilalarawan sa ibaba. Ang mga magulang ay may karapatan na asahan ang pampublikong ahensya para mapanatili ang maagang pamamagitan ng kanilang anak o mga kompidensyal na rekord sa edukasyon at hilingin mula sa pampublikong ahensya para sirain ang impormasyong pang-edukasyon ng kanilang anak kapag hindi na ito kailangan para makapagkaloob ng maagang pamamagitan o mga serbisyo ng edukasyon.

Mga depinisyon:

Ang pagsira ay nangangahulugan na pisikal na pagsira o pag-aalis sa mga personal na nagpapakilala mula sa impormasyon para ang impormasyon ay hindi na personal na makikilala.

Ang mga rekord ng edukasyon ay nangangahulugan ng mga uri ng mga rekord na saklaw sa

ilalim ng depinisyon ng "mga rekord ng edukasyon" sa 34 C.F.R. Part 99 (ang mga regulasyon na nagpapatupad ng Family Educational Rights and Privacy Act [FERPA] ng 1974).

Ang mga rekord ng maagang pamamagitan ay nangangahulugan na lahat ng mga rekord hinggil sa isang bata na hinihiling na makolekta, itabi, o gamitin sa ilalim ng Part C ng IDEA at ng mga regulasyon ng Part na ito.

Ang kalahok na ahensya ay nangangahulugan na anumang ahensya o institusyon na nagkokolekta, nagtatabi, o gumagamit ng mga impormasyon na nagpapakilalang impormasyon, o kung aling impormasyon ang nakuha sa ilalim ng Part B ng IDEA. Sa ilalim ng Part C, ang kalahok na ahensya ay kinabibilangan ng lead agency at mga provider ng serbisyo para sa maagang pamamagitan at sinumang indibiduwal o entity na nagbibigay ng anumang serbisyo para sa maagang pamamagitan. Hindi kasama ang mga primaryang pinagkukuhanan ng rekomendasyon, o mga pampublikong ahensya (tulad ng State Medicaid o CHIP program) o mga pribadong entity (tulad ng mga pribadong insurance company) na kumikilos lang bilang mga pinagkukuhanan ng pondo bilang parte ng Part C na serbisyo.

Ang personal na nagpapakilalang impormasyon ay kinabibilangan ng:

- Pangalan ng bata, mga magulang ng abta, o iba pang miyembro ng pamilya;
- Address ng bata;
- Isang personal na nagpapakilala, tulad ng social security number ng bata; o
- Isang listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na gagawin itong posible para kilalanin ang bata na may makatuwirang katiyakan.

Para sa mga batang pinaglilingkuran ng IFSP, kabilang rin sa personal na nagpapakilalang impormasyon ang:

- Mga direktang nagpapakilala, tulad ng petsa ng kapanganakan, petsa ng kapanganakan, at maiden name ng ina;
- Iba pang impormasyon na, mag-isa o kasama, na naka-ugnay o mauugnay sa isang tiyak na bata na magpapahintulot sa isang makatuwirang tao sa maagang pamamagitan na serbisyo, na walang personal na kaalaman sa mga kaugnay na pangyayari, para makilala ang bata nang may makatuwirang linaw; o
- Ang impormasyong hiniling ng isang tao na pinaniniwalaan ng ahensya o institusyon ng edukasyon na alam ang pagkakakilanlan ng estudyante kung saan mauugnay ang rekord ng edukasyon.

Mga proteksyon:

Ang bawat kalahok na ahensya ay magpoprotekta sa pagkakakompidensyal ng personal na nagpapakilalang impormasyon sa pagkokolekta, pagtatabi, pagpapahayag, o pagsisira na mga stage Isang opisyal ng pampublikong ahensya ay responsable sa magpoprotekta sa pagkakakompidensyal ng personal na nagpapakilalang impormasyon. Bilang pandagdag sa mga kahilingan ng mga pamantayan sa pamamaraan, ang mga batas pederal at batas ng Estado at mga regulasyon rin nito ay namamahala sa magpoprotekta sa mga rekord ng edukasyon. Ang lahat ng mga pampublikong tauhan ng ahensya na nagkokolekta o gumagamit ng impormasyon na personal na nagpapakilala ay dapat makatanggap ng pagsasanay hinggil sa mga patakaran at pamamaraan ng Estado sa pagkakakompidensyal ng personal na nagpapakilalang impormasyon. Ang bawat kasaling ahensya ay dapat magtabi, para sa pampublikong inspeksyon, ng isang kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon noong mga empleyado sa loob ng ahensya na maaaring may access sa mga personal na nagpapakilalang impormasyon.

Pahintulot:

Ang pahintulot ng magulang ay dapat makuha bago ipahayag ang personal na nagpapakilalang impormasyon sa mga panig, maliban sa mga opisyal ng kalahok na ahensya para sa layunin ng pagtutugon sa requirement ng Part B, maliban kung ang impormasyon ay nilalaman ng mga rekord ng edukasyon, at ang pagpapahayag ay awtorisado ng walang pahintulot mula sa magulang sa ilalim ng 34 C.F.R. Part 99. Ang pampublikong ahensya ay dapat kumuha ng pahintulot ng magulang, o pahintulot ng isang karapat-dapat na batang may sapat na edad sa ilalim ng batas ng Estado, bago ang personal na nagpapakilalang impormasyon ay ipinalabas sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensya na nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo ng transisyon sa ilalim ng Part B ng IDEA (IEP); at kung ang bata ay naka-enroll, o patuloy na naka-enroll sa isang pribadong paaralan na hindi matatagpuan sa distrito ng paaralan ng tinitirahan ng magulang, ang pahintulot ng magulang ay dapat makuha bago ang anumang personal na nagpapakilalang impormasyon tungkol sa bata ay ipalabas sa pagitan ng mga opisyal ng local educational agency (LEA) kung saan ang pribadong paaralan ay matatagpuan at ang mga opisyal ng LEA ng tinitirahan ng magulang.⁽⁶⁾

Ang MSDE ay nag-develop ng mga patakaran at pamamaraan para sa mga pampublikong ahensya, kasama na ang mga sanction, na ginagamit ng Estado para matiyak na ang mga patakaran at pamamaraan nito ay nasusundan, at ang mga requirement para sa pagkakompidensyal, alinsunod sa IDEA at FERPA ay natutugunan. Kung ang isang organisasyon o indibiduwal ay naniniwala na ang pampublikong ahensya ay lumabag sa mga requirement sa pagkakompidensyal sa ilalim ng IDEA, isang reklamo sa Estado ay maaaring isampa para malutas ang paksa.

Ang bawat pampublikong ahensya ay kinakailangang magkaroon ng mga naitakdang pamamaraan kung paano mapagkakaloob ang sapat na abiso para ganap na masabihan ang mga magulang tungkol sa mga requirement ng pagkakompidensyal ng mga personal na nagpapakilalang impormasyon kasama ang isang:

- Paglalarawan sa saklaw kung saan ibinigay ang abisong ito sa mga katutubong wika ng iba't ibang grupo sa populasyon sa Estado;
- Paglalarawan ng ata kung saan ang personal na nagpapakilalang impormasyon ay mapapanatili, at ang mga uri ng impormasyon na hangad;
- Buod ng mga patakaran at pamamaraan na dapat sundin ng mga kalahok na ahensya hinggil sa pagtatabi, pagpapahiwatig sa mga ikatlong panig, pananatili at pagsisira ng personal na nagpapakilalang impormasyon;
- Paglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan na ginamit sa pangyayari na ang isang magulang ay tumanggap magbigay ng pahintulot; at
- Paglalarawan ng lahat ng mga karapatan ng mga magulang at bata hinggil sa impormasyong ito, kasama na ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at pagpapatupad ng mga regulasyon sa 34 C.F.R. Part 99.

Bago ang anumang major na pagpapakilala, lokasyon, o aktibidad ng pagtatasa, ang abiso ay dapat ilathala o ipahayag sa mga dyaryo o iba pang media, o pareho, na sapat ang sirkulasyon o pag-ikot para masabi sa mga magulang sa buong hurisdiksyon ang aktibidad.

⁽⁶⁾ 34 CFR § 300.622.

Dagdag pa dito, ang mga personal na nagpapakilalang impormasyon ay di dapat ipahayag sa sinuman maliban sa mga opisyal ng mga kasaling ahensya na nagkokolekta o gumagamit ng impormasyon sa ilalim ng IDEA, o para sa anumang layunin maliban sa pakikipagkita sa mga requirement ng pagkakaloob sa isang bata na may kapansanan na FAPE o maagang pamamagitan na mga serbisyo sa ilalim ng IDEA. Sa transisyon mula sa maagang pamamagitan sa mga preschool na serbisyo, ang nangungunang ahensya ay magbibigay ng abiso sa MSDE at sa lokal na sistema ng paaralan na ang bata ay maaaring karapat-dapat para sa mga serbisyo ng special education tulad nang hinihiling sa ilalim ng 34 C.F.R. § 303.209(b)(1)(i). Ang abisong ito ay kabilang ang pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan, at impormasyon ng pakikipag-ugnayan sa magulang tulad nang hiniling sa ilalim ng 34 C.F.R. § 303.209(b)(1) at § 303.401. Mga pagpapahayag na tinutugunan sa rekomendasyon at kilos ng nagpapatupad ng batas at mga judicial na awtoridad hinggil sa pag-uulat ng isang krimen na kailangang gawin ng isang bata na may kapansanan ay hindi kailangan ang pahintulot ng magulang hanggang sa saklaw na pinapahintulutan ang paglilipat ng FERPA.

Mga Karapatan sa Pag-access:

Para sa mga bata at pamilya na nakakatanggap ng maagang mga serbisyo sa pamamagitan, ang lokal na lead agency ay magkakaloob sa mga magulang ng unang kopya ng kanilang rekord sa maagang pamamagitan ng bata ng walang bayad para sa mga magulang. Ang lokal na lead agency ay dapat rin magbigay, ng hindi gagastusan ng magulang, ng kopya ng bawat pagtatasa, assessment ng bata, assessment ng pamilya, at IFSP sa lalong madaling panahon makalipas ang bawat meeting ng IFSP. Ang bawat pampublikong ahensya ay magpapahintulot sa mga magulang na inspeksyunin at repasuhin ang anumang mga rekord ng edukasyon na may kaugnayan sa kanilang anak na nakolekta, pinanatili, o ginamit ng pampublikong ahensya bilang paggalang sa pagkikilala, pagtatasa, at pagtatalaga sa edukasyon ng kanilang anak, pag-develop at pagpapatupad ng IFSP at mga kondisyon ng FAPE. Para sa mga bata at pamilya na nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng IFSP, ang lokal na lead agency ay susunod sa isang request ng walang di kinakailangang pagkakaantala at bago ang anumang meeting hinggil sa isang IFSP, o anumang due process na pagdinig, at walang anumang kaso na hihigit sa 10 araw makalipas ang request.

Para sa mga bata na nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng IFSP, ang pampublikong ahensya ay susunod sa isang request ng walang di kinakailangang pagkakaantala at bago ang anumang meeting hinggil sa isang IEP, o anumang due process na pagdinig o resolution session, at walang anumang kaso na hihigit sa 45 araw makalipas ang request. Ang karapatan ng magulang para inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord sa edukasyon sa ilalim ng seksyon na ito ay kinabibilangan ng karapatan ng magulang na:

- Isang sagot mula sa pampublikong ahensya para sa mga makatuwirang request para sa mga pagpapaliwanag at pagpapaliwanag ng mga rekord;
- Ang request na ang pampublikong ahensya ay magbigay ng mga kopya ng rekord kung ang kabiguan na magbigay ng mga kopya ay mabisang makakaiwas sa magulang mula sa paggamit ng karapatan nito para inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord; at
- Pa-inspeksyunan at ipa-review mula sa kinatawan ng magulang ng mga rekord.

Maaaring isipin ng pampublikong ahensya na ang mga magulang ay may awtoridad na inspeksyunin at repasuhin ang mga rekord na may kaugnayan sa kanilang anak maliban kung ang pampublikong ahensya ay pinayuhan na ang magulang ay walang awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng Estado na namamahala sa nasabing mga bagay-bagay tulad ng guardianship, separasyon, at diborsyo.

Rekord ng Access:

Ang bawat pampublikong ahensya ay magtatabi ng rekord ng mga indibiduwal, maliban sa mga magulang at ng awtorisadong mga empleyado ng pampublikong ahensya, na kumukuha ng access sa mga rekord ng edukasyon na nakolekta, tinabi, o ginamit sa ilalim ng Part C o Part B ng IDEA, kasama ang pangalan ng indibiduwal, ang petsa nang binigyan ng access, at ang layunin kung saan binigyang awtorisasyon ang paggamit ng mga rekord. Kung may anumang rekord ng edukasyon ang may kasamang impormasyon ng higit sa isang anak, ang mga magulang ng mga nasabing bata ay may karapatan na suriin at repasuhin lang ang impormasyon na may kaugnayan sa kanilang anak o bigyang kaalaman tungkol sa tiyak na impormasyong iyon. Ang bawat pampublikong ahensya ay magkakaloob sa mga magulang, kung hilingin, ng listahan ng mga uri at lokasyon ng rekord ng edukasyon na nakolekta, napanatili, o ginamit ng pampublikong ahensya. Ang bawat pampublikong ahensya ay maaaring maningil ng kaukulang bayad para sa mga kopya ng rekord ng edukasyon na ginawa para sa mga magulang kung ang kaukulang bayad ay hindi mabisang hinadlangan ang mga magulang na gamitin ang kanilang karapatan na suriin at repasuhin ang mga rekord na iyon. Ang pampublikong ahensya ay hindi dapat maningil ng kaukulang bayad para hanapin o kuhanin muli ang impormasyon mula sa mga rekord ng edukasyon.

Pagbabago ng Mga Rekord ayon sa Request ng Magulang:

Kung naniniwala ang magulang na ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon na nakolekta, tinabi, o ginamit sa ilalim ng IDEA ay hindi wasto o nakakapanlinlang o lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng kanilang anak, maaaring humiling ang magulang sa pampublikong ahensya na nagtatabi ng impormasyon, na baguhin ang impormasyon. Ang pampublikong ahensya ay magpapasya kung babaguhin ang impormasyon nang alinsunod sa request ng magulang na may makatuwirang takdang panahon para matanggap ang request. Kung tumanggi ang pampublikong ahensya na baguhin ang impormasyon na alinsunod sa request, sasabihin nito sa magulang ng kanilang pagtanggig at papayuhan ang magulang tungkol sa kanilang karapatan sa isang pagdinig para hamunin ang impormasyon na nasa mga rekord ng edukasyon. Ang pagdinig na isinagawa para hamunin ang impormasyon sa mga rekord ng edukasyon ay dapat gawin nang umaalinsunod sa mga pamamaraan ng FERPA tulad nang nilalaman sa 34 C.F.R. §99.22.

Ang pampublikong ahensya, kung hilingin, ay magbibigay sa magulang ng isang oportunidad para hamunin ng pagdinig ang impormasyon na nasa mga rekord ng edukasyon para matiyak na di ito wasto, nakakapanlinlang, o dili kaya'y lumalabag sa paglalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng inyong anak. Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang pampublikong ahensya ay magpapasya na ang impormasyon ay di wasto o nakakapanlinlang o dili kaya'y lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng bata, babaguhin ng pampublikong ahensya ang impormasyon ng naaayon at kaya't dapat sabihin sa magulang ang pagbabago sa pamamagitan ng kasulatan. Kung, bilang resulta ng pagdinig, ang pampublikong ahensya ay magpapasya na ang impormasyon ay hindi naman di wasto o nakakapanlinlang o dili kaya'y lumalabag sa privacy o iba pang mga karapatan ng bata, sasabihin sa magulang ang kanilang karapatan na ilagay sa mga rekord na itinatabi nito tungkol sa kanilang anak, ng isang pahayag na nagbibigay komento sa impormasyon o nagsasaad ng anumang mga dahilan sa di pagsasang-ayon sa desisyon ng pampublikong ahensya.

Anumang pagpapaliwanag na inilagay sa mga rekord ng inyong anak ay dapat na:

- Dapat itabi ng pampublikong ahensya bilang parte ng rekord ng bata basta't ang rekord

- o ang pinagtatalunang bahagi ay pinanatili ng pampublikong ahensya; at
- Ipahayag ang pagpapaliwanag sa anumang panig na humiling ng kopya ng rekord ng bata o ang pinagtatalunang bahagi.

Mga Pamamaraan sa Pagsisira ng Impormasyon:

Ang pampublikong ahensya ay hinihiling na sabihin sa mga magulang kung kailan ang kanilang personal na magpapakilalang impormasyon ay nakolekta, napanatili, o ginamit sa ilalim ng IDEA ay hindi na kailangan para magbigay ng maagang pamamagitan o mga serbisyo ng edukasyon sa kanilang anak. Ang impormasyon ay dapat sirain ayon sa kahilingan ng mga magulang. Gayunman, para sa mga estudyante na nakatanggap ng mga serbisyo para sa special education sa ilalim ng Part B, isang permanenteng rekord ng pangalan ng bata, address, at numero ng telepono, ang mga grade ng bata, rekord ng attendance, nakumpletong grade level, at taong nakumpleto ay maaaring itabi nang walang limitasyon sa oras. Katulad nang nakasaad sa itaas, ang mga batang nakatanggap ng maagang pamamagitan na serbisyo sa ilalim ng Part C, isang permanenteng rekord ng pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng magulang (kasama na ang address at numero ng telepono), mga pangalan ng (mga) service coordinator at (mga) provider ng EIS, at exit data (kasama ang taon at edad sa pag-alis, at anumang mga programa na nasalihan sa pag-alis nito) ay maaaring itabi nang walang limitasyon sa oras.

Mga Karapatan ng Mga Bata:

Sa ilalim ng mga regulasyon ng FERPA, ang mga karapatan ng magulang hinggil sa mga rekord ng edukasyon ng bata na inilipat sa bata sa sandaling umabot siya sa edad na 18 taong gulang, maliban na lang kung ang kapansanan ng bata ay ginagawa siyang walang kakayahan ayon sa batas ng Estado. Kung ang mga karapatan ng magulang sa ilalim ng Part B ng IDEA ay nalipat sa isang bata na umabot sa hustong gulang, ang mga requirement sa pagkakakompidensyal ng IDEA ay dapat rin maglipat sa isang bata. Gayunman, ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay sa magulang at sa bata ng anumang abiso na kailangan sa ilalim ng IDEA. Mangyari lang sumangguni sa "Paglilipat ng Mga Karapatan ng Magulang sa Pag-abot sa Hustong Gulang" para sa mas mga detalyadong impormasyon.

Pandisiplinang Impormasyon:

Maaaring isama ng pampublikong ahensya sa mga rekord ng ahensya ang pahayag ng anumang kasalukuyan o nakaraang pandisiplinang kilos na ginawa laban sa bata at ilipat ang pandisiplinang impormasyon; sa parehong saklaw na ang pandisiplinang impormasyon ay isinama, at inilipat sa mga rekord ng mga batang walang kapansanan. Maaaring kabilang sa pahayag ang paglalarawan sa anumang pag-uugali na ipinakita ng bata na nangailangan ng pandisiplinang kilos, isang paglalarawan ng ginawang pandisiplinang kilos, at anumang iba pang impormasyon na may kaugnayan sa kaligtasan ng bata at iba pang mga indibiduwal na kabilang sa bata. Kung ang bata ay lumipat mula sa isang paaralan papunta sa iba, ang paglilipat ng anumang rekord ng bata, dapat kasama ang parehong kasalukuyang IEP ng bata at anumang pahayag ng kasalukuyan o nakaraang pandisiplinang kilos na ginawa laban sa bata.

DISIPLINA SA MGA BATA NA MAY KAPANSANAN

IEP

34 C.F.R. §§ 300.530 -300.536

Ang impormasyon sa ibaba ay ginagamit sa mga batang may kapansanan, mga edad na 3 hanggang 21 taong gulang, na tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng Extended IFSP o isang IEP.

Ang mga magulang ay may karapatan sa tiyak na mga pamamaraan at mga proteksyon kung ang pampublikong ahensya ay gumawa ng mga tiyak na pandisiplinang kilos sa kanilang anak. Alinsunod sa 34 C.F.R. § 300.530(d), ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay sa bata ng mga serbisyo ng edukasyon makalipas ang pag-aalis sa bata ng higit sa 10 araw na may pasok sa paaralan sa isang taon ng pasukan para sa (mga) paglalabag ng code of conduct ng estudyante.

Mga depinisyon:

Para sa mga layunin ng parteng ito, ang mga sumusunod na depinisyon ay ginagamit:

- Ang mga controlled substance ay nangangahulugan na droga o iba pang substance na tinitiyak sa ilalim ng mga schedule I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Controlled Substances Act (21 U.S.C. 812(c)).
- Ang legal na droga ay nangangahulugan na isang controlled substance, pero hindi kasama ang substance na legal na dala-dala o ginamit sa ilalim ng superbisyon ng isang may lisensyang health care na professional o legal na dala o ginamit sa ilalim ng iba pang awtoridad sa ilalim ng IDEA o sa ilalim ng anumang iba pang kondisyon sa ilalim ng pederal na batas.
- Ang armas ay may kahulugan ayon sa termino na "mapanganib na armas" sa ilalim ng talata (2) ng unang subsection (g) ng section 930 ng title 18, United States Code.
- Ang malubhang pinsala sa katawan ay may kahulugan ayon sa termino na "malubhang pinsala sa katawan" sa ilalim ng talata (3) ng subsection (h) ng section 1365 ng title 18, United States Code.

Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan:

Maaaring ikonsidera ng tauhan ng paaralan ang anumang bukod-tanging mga pangyayari na batay sa bawat kaso, kapag nagpapasya kung ang isang pagbabago sa pagkakatalaga, na ginawa nang alinsunod sa mga sumusunod na requirement na may kaugnayan sa disiplina, ay naaangkop para sa isang bata na may kapansanan na lumalabag sa code of conduct ng paaralan.⁽⁷⁾

Maaaring alisin ng tauhan ng paaralan ang isang batang may kapansanan mula sa kaniyang kasalukuyang pagkakatalaga sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES), iba pang setting, o suspension, ng hindi hihigit sa 10 araw na may pasok sa paaralan sa oras ng paglalabag sa code of conduct ng paaralan, hanggang sa saklaw na sila ay kumilos para sa mga ataong walang kapansanan, at para karagdagang mga pag-aalis ng hindi hihigit sa 10 sunod-sunod na araw na ma pasok sa paaralan sa parehong taon na may pasok sa paaralan para sa mga hiwalay na pangyayari ng maling pag-uugali (basta't ang pag-aalis na iyon ay hindi bumubuo o parte ng pagbabago sa pagkakatalaga sa ilalim ng §300.536).⁽⁸⁾

Kung ang pag-uugali na lumabag sa code of conduct ng paaralan ay hindi isang pagpapakita sa

⁽⁷⁾ 34 CFR § 300.530(a).

⁽⁸⁾ 34 CFR § 300.536 (b)(1).

kapansanan ng bata (basahin ang Pagpapasya sa Pagpapakita sa ibaba), at ang pandisiplinang pagbabago sa pagkakatalaga ay hihigit sa 10 araw na sunod-sunod na may pasok sa paaralan, maaaring gamitin ng tauhan ng paaralan ang mga pandisiplinang pamamaraan sa nasabing bata na may kapansanan sa parehong paraan at para sa parehong katagalan tulad ng mga batang walang kapansanan, sa pagkakaiba na ang paaralan ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa bata tulad nang inilarawan sa ibaba sa pagkaloob ng Mga Serbisyo⁽⁹⁾ Ang IEP Team ng bata ay magpapasya sa pansamantalang kapaligiran sa pag-aaral para sa nasabing mga serbisyo.⁽¹⁰⁾

Makalipas na ang batang may kapansanan ay naalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagkakatalaga sa 10 na araw na pagpasok sa paaralan sa parehong taon ng pasukan, sa anumang mga susunod na araw ng pag-aalis, ang pampublikong ahensya ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa saklaw na hinihiling sa ilalim ng mga inilarawan na pagkaloob ng serbisyo sa ibaba.⁽¹¹⁾

Alinsunod sa patakaran sa disiplina na hinihiling para sa lahat ng mga bata, iyong mga nasa pampublikong prekindergarten programs, kindergarten, first grade o second grade ay maaari lang alisin bilang pagdisiplina kung ang administrasyon ng paaralan, sa pakikipagkonsulta sa psychologist ng paaralan o ng iba pang propesyonal sa kalusugang pangkaisipan, ay nagpasya na walang malaking pagbabanta ng malubhang pinsala sa iba pang mga estudyante o staff na hindi mababawasan o maaalis sa pamamagitan ng mga pamamagitan at mga suporta. Sa nasabing kaso, ang principal o administrasyon ng paaralan ay dapat na makipag-ugnayan agad sa magulang o tagapag-alaga ng estudyante. Dagdag pa dito, hindi maaaring alisin ang bata ng higit sa limang araw kada pangyayari. Ang mga bata sa pampublikong prekindergarten programs, kindergarten, first grade o second grade ay maaaring alisin bilang pandisiplina ng apatnapu't limang araw na may pasok sa paaralan o mas matagal pa kapag umaalinsunod sa pederal na batas (COMAR 13A.08.01.11).

Mga Serbisyo:

Ang batang may kapansanan na inalis mula sa kasalukuyang pagkakatalaga sa bata ng 10 na araw na may pasok sa paaralan o mas kaunti pa sa isang taon ng pasukan sa paaralan, ay may karapatan lang sa mga serbisyo kung ang pampublikong ahensya ay nagbigay ng mga serbisyo sa isang bata na walang mga kapansanan pero naalis rin.

Isang batang may kapansanan na inalis mula sa kasalukuyang pagkakatalaga sa bata ng higit sa 10 araw na may pasok sa paaralan at ang pag-uugali ay hindi isang pagpapakita ng kapansanan ng bata (basahin ang *Pagpapasya sa Pagpapakita*), o iyong inalis sa ilalim ng mga di karaniwang pangyayari (basahin ang *Di Karaniwang Mga Pangyayari*) ay dapat na:⁽¹²⁾

1. Patuloy na makakatanggap ng mga serbisyo ng edukasyon (na available sa FAPE), para mapahintulutan ang bata na magpatuloy sa paglahok sa general education curriculum, kahit na sa ibang kapaligiran o setting (na maaaring isang pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES), at para sumulong tungo sa pagtatamo ng mga naitakdang layunin ayon sa IEP ng bata; at
2. Tumanggap, kung naaangkop, ng isang functional behavioral assessment, at behavioral intervention services at mga pagbabago, na nilikha para matuguna ang paglalabag sa pag-

⁽⁹⁾ 34 CFR § 300.530(c).

⁽¹⁰⁾ Id.

⁽¹¹⁾ 34 CFR § 300.530(b)(2).

⁽¹²⁾ 34 CFR § 300.530(d).

uugali para hindi ito mangyari muli.

Makalipas na ang isang batang may kapansanan ay naalis mula sa kaniyang kasalukuyang pagkakatalaga para sa 10 araw na pasok sa paaralan sa parehong taon na may pasok sa paaralan, at kung ang kasalukuyang pagkakaalis ay para sa 10 araw na magkakasunod o mas kaunti pa at kung ang pag-aalis ay hindi isang pagbabago sa pagkakatalaga (basahin ang depinisyon sa ibaba), sa gayon, ang tauhan ng paaralan, sa pakikipagkonsulta sa kahit man lang isa sa mga guro ng bata, ay magpapasya sa asaklaw kung saan kinakailangan ang mga serbisyo para mapahintulutan ang bata na makapagpatuloy sa curriculum, kahit na sa isang kapaligiran, at mapasulong sa pagtatamo ng mga naitakdang layunin sa IEP ng bata. Kung ang pag-aalis ay isang pagbabago sa pagkakatalaga (basahin ang Pagbabago sa Pagkakatalaga Dahil sa Pandisiplinang Pagtatanggal), pagpapasyahan ng IEP Team ng bata ang mga naaangkop na serbisyo para mapahintulutan ang bata na magpatuloy sa paglahok sa general education curriculum, kahit na sa ibang kapaligiran o setting (na maaaring isang pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES), at para sumulong tungo sa pagtatamo ng mga naitakdang layunin ayon sa IEP ng bata.

Pagpapasya sa Pagpapakita (Manifestation)

Sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan mula nang anumang desisyon para baguhin ang pagkakatalaga dahil sa isang paglalabag sa code of conduct, ang magulang at ang IFSP team o IEP team ng bata ay dapat na repasuhin lahat ng nauugnay na impormasyon na nasa file ng bata, kasama ang kaniyang IFSP o IEP, anumang obserbasyon ng guro at anumang nauugnay na impormasyon na ipinagkaloob ng magulang, para mapagpasyahan kung ang pag-uugali na pinagtatalunan ay:

- Sanhi o may direkta o malaki ang kaugnayan sa kapansanan ng bata; o
- Ang direktang resulta ng kabiguan ng pampublikong ahensya na ipatupad ang IFSP o IEP ng bata.⁽¹³⁾

Kung mapagpasyahan ng IEP team na alinman sa mga pahayag sa itaas ay naaangkop, ang pag-uugali ay mapagpasyahan na isang pagpapakita ng kapansanan ng bata.⁽¹⁴⁾ Dagdag pa dito, kung ang IEP team ay nakapagpasya na ang pag-uugali ng bata na pinagtatalunan ay isang direktang resulta ng kabiguan ng LEA na ipatupad ang IEP ng bata, ang LEA ay dapat kumilos agad para malutas ang mga kakulangan na iyon.⁽¹⁵⁾

Kung ang pag-uugali ay isang pagpapakita ng kapansanan ng bata, ang IFSP team o IEP team ay dapat na:⁽¹⁶⁾

- Magsagawa ng isang functional behavioral assessment at magpatupad ng isang behavioral intervention para sa bata, kung hindi pa ito nagagawa ng pampublikong ahensya, at magpatupad ng isang behavioral intervention na plano para sa bata.
- Repasuhin ang behavioral intervention plan ng bata kung mayroon na siyang ganitong plan at baguhin ito, kung kinakailangan para matugunan ang pag-uugali,⁽¹⁷⁾ at
- Ibalik ang bata sa pagkakatalaga kung saan siya inalis, maliban kung sumang-ayon ang mga magulang at ang pampublikong ahensya sa pagbabago ng pagkakatalaga

⁽¹³⁾ 34 CFR § 300.530(e)(1)(i-ii).

⁽¹⁴⁾ 34 CFR § 300.530(e)(2).

⁽¹⁵⁾ 34 CFR § 300.530(e)(3).

⁽¹⁶⁾ 34 CFR § 300.530(f)(1).

⁽¹⁷⁾ 34 CFR § 300.530(f)(1)(ii).

bilang parte ng pagbabago sa behavioral intervention plan ng bata, maliban na lang kung ang bata ay inalis sa isang pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES) sanhi ng droga, armas o malubhang pinsala sa katawan.⁽¹⁸⁾

Mga Di Karaniwang Pangyayari:

Maaaring alisin ng mga tauhan ng paaralan ang isang bata at ilipat sa isang pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES) ng hanggang 45 araw na may paso sa paaralan nang hindi isinasaalang-alang ang papapasya na ang pag-uugali ng bata ay isang pagpapakita ng kapansanan nito, sa mga kaso kung saan ang bata ay:

- Nagdadala o mayrong isang armas papunta o habang nasa paaralan, o sa premise ng paaralan, o papunta at habang nasa isang aktibidad ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng Estado o lokal na pampublikong ahensya;⁽¹⁹⁾
- Alam na may dala o gumagamit ng ilegal na gamot, o nagbebenta o hinihikayat ang pagbebenta ng isang controlled substance, habang nasa paaralan, o sa premise ng paaralan, o habang kasama sa aktibidad ng paaralan na nasa hurisdiksyon ng Estado o ng lokal na pampublikong ahensya;⁽²⁰⁾ o
- Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan sa iba habang nasa paaralan, o sa premise ng paaralan, o sa isang aktibidad ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng Estados o lokal na pampublikong ahensya.⁽²¹⁾

Pagpapasyahan ng IEP Team ang pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES) para sa mga aalisin na mga pagbabago sa pagtatalaga, at pag-aalis sa ilalim ng mga subheading na Additional Authority at Di Karaniwang Pangyayari.

Pagbabago sa Pagtatalaga:

Para sa mga layunin ng pag-aalis ng isang bata na may kapansanan mula sa kasalukuyang pagkakatakda sa edukasyon ng bata, nagaganap ang pagbabago sa pagkakatalaga kung:

- Ang pag-aalis ay para sa higit sa 10 na magkakasunod na araw na may pasok sa paaralan sa isang taon ng pasukan; o
- Ang bata ay sumailalim sa serye ng mga pag-aalis na bumubuo sa isang pattern dahil ang pag-aalis ay may total na higit sa 10 araw na may pasok sa paaralan sa isang taon ng pasukan; ang pag-uugali ng bata ay malaki ang pagkakatulad sa pag-uugali ng bata sa mga nakaraang pangyayari na nagresulta sa serye ng mga pag-aalis; at dahil ang nasabing karagdagang mga factor ng tagal ng bawat pag-aalis, ang total na tagal ng panahon na naalis ang nasabing bata, at ang pagkakalapit-lapit sa pagkakaalis sa isa't isa.

Pinagpapasyahan ng pampublikong ahensya ang bawat isang kaso kung ang pattern sa pag-aalis ay bumubuo sa isang pagbabago sa pagkakatalaga. Ang pagpapasyag ito ay sumasailalim sa isang pagrerepaso sanhi ng due process at judicial na mga pagdinig. Kapag ang isang bata ay inalis ng higit sa 10 araw na may pasok sa paaralan, ito ay magresulta sa isang pagbabago sa

⁽¹⁸⁾ 34 CFR § 300.530(f)(2).

⁽¹⁹⁾ 34 CFR § 300.530(g)(1).

⁽²⁰⁾ 34 CFR § 300.530(g)(2).

⁽²¹⁾ 34 CFR § 300.530(g)(3).

pagkakatalaga, ito man ay pag-uugali na nagpapakita ng isang kapansanan, o kapag ang isang bata ay inalis mula sa pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral (interim alternative educational setting o IAES) sanhi ng droga, mga armas o malubhang pinsala sa katawan, ang bata ay patuloy na makatanggap ng mga serbisyo na magpapahintulot sa kaniyang makatanggap ng mga serbisyo para mapahintulutan siyang makasali sa general education curriculum kahit na sa ibang setting at para makasulong sa pagtatamo ng mga layunin na naitakda sa kaniyang IEP. Ang bata ay dapat rin makatanggap, kung naaangkop, ng isang functional behavioral assessment at behavioral intervention services at mga pagbabago na nilikha para matugunan ang paglalabag sa pag-uugali para hindi na ito maganap muli. Magpapasya ang IEP team sa mga naaangkop na serbisyo at lokasyon kung saan ipagkakaloob ang mga serbisyo.

Apela ng Pandisiplinang Kilos:

Kung ang mga magulang ng isang batang may kapansanan ay di sumang-ayon sa isang desisyon hinggil sa pagpapasya sa pagpapakita o anumang desisyon hinggil sa pagtatalaga para sa pandisiplinang dahilan, ang mga magulang ay maaaring magsampa ng due process na reklamo sa Office of Administrative Hearings (OAH) at sa pampublikong ahensya. Kung ang pampublikong ahensya ay naniniwala na ang pananatili sa kasalukuyang pagkakatalaga ng bata ay malaki ang kinalaman sa pagkakatalaga ng bata ay marahil na magreresulta sa pagkakapinsala ng bata o ng iba pa, ang pampublikong ahensya ay maaaring magsampa ng due process na reklamo sa OAH at sa mga magulang. Kapag humiling ng pagdinig sa ilalim ng seksyon na ito, maliban kung sumang-ayon ang parehong mga magulang at LEA sa pamamagitan ng isang kasulatan na bawiin ang meeting para sa resolusyon o gamitin ang proseso ng pamamagitan, isang meeting ng resolution ay dapat maganap sa loob ng pitong araw nang makatanggap ng abiso sa due process na reklamo, at ang due process na pagdinig ay maaaring magpatuloy maliban kung ang paksa ay nalutas ayon sa kasiyahan ng parehong panig sa loob ng 15 araw nang matanggap ang due process na reklamo.⁽²²⁾

Ang Administrative Law Judge (ALJ), ang magsasagawa ng due process na pagdinig. Tuwing ang pagdinig ay hiniling para sa anumang desisyon na ginawa sa itaas, ang pagdinig ay maaaring pabilisin at alinsunod sa 34 CFR § 300.532(c); ang pagdinig ay dapat maganap sa loob ng 20 araw na may pasok sa paaralan mula ng petsa nang maisampa ang reklamo para sa due process, at ang hearing officer ay dapat magpasya sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan makalipas ang pagdinig.

Sa pagpapasya sa isang pandisiplinang apela, ang ALJ ay maaaring:

- Ibalik ang bata sa pagkakatalaga kung saan siya inalis; o
- Mag-utos ng pagbabago sa pagkakatalaga ng bata patungo sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral ng hindi hihigit sa 45 araw na may pasok sa paaralan kung napagpasyahan ng ALJ na ang pananatili ng kasalukuyang pagkakatalaga sa bata ay marahil na magreresulta sa pagkakapinsala ng bata o iba.
- Anumang desisyon na ginawa sa isang pinabilis na due process na sumasailalim

⁽²²⁾ 34 CFR § 300.532(a).
Binago ng Mayo2021_FINAL
Epektibo Hulyo 1, 2021

sa seksyon na ito, ay maaaring i-apela kung alinsunod sa 34 CFR § 300.514.⁽²³⁾

Tandaan: ang mga pamamaraan sa itaas ay maaaring ulitin, kung naniniwala ang LEA na ang pagbabalik sa bata sa orihinal na pagkakatalaga nito ay marahil na magresulta sa pinsala ng bata o sa iba.⁽²⁴⁾

Kapag nag-request ng isang due process na reklamo, ng mga magulang o ang pampublikong ahensya, ang bata ay mananatili sa pansamantalang alternatibong kapaligiran para sa pag-aaral habang nakabinbin ang desisyon ng ALJ o hanggang sa pagpapaso ng takdang panahon na ibinigay (hindi hihigit sa 45 araw na may pasok sa paaralan), alinman ang mauna, maliban na lang kung ang mga magulang at pampublikong ahensya ay iba ang napagkasunduan.

Bata na Hindi pa Napagpasyahan na Karapat-dapat

Ang mga bata na hindi pa napagpasyahan na karapat-dapat para sa special education at may pag-uugali na lumalabag sa anumang tuntunin o code of conduct ay maaaring gawin ang alinmang proteksyon na ipinagkaloob, kung ang pampublikong ahensya ay nagkaroon ng kaalaman na ang bata ay nagkaroon ng kapansanan bago naganap ang pag-uugali.

Ang pampublikong ahensya ay nagkaroon ng kaalaman kung, bago ang pag-uugali ay naganap na nagresulta sa pandisiplinang kilos:

- Ang mga magulang ay nagpahiwatig ng pagkakabahala sa pamamagitan ng kasulatan, na ang kanilang anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo, sa supervisory o administratibong tauhan ng pampublikong ahensya o ng guro ng bata;
- Hiniling ng mga magulang ang isang pagtatasa; o
- Ang guro ng bata o ang iba pang tauhan ng paaralan ay nagpakita ng tiyak na pagkakabahala tungkol sa isang pattern ng pag-uugali na ipinakita ng bata, na direkta sa director ng special education o iba pang supervisory na tauhan ng pampublikong ahensya.

Ang pampublikong ahensya ay hindi makokonsidera na may kaalaman kung:

- Tumanggi ang mga bata na pahintulutan ang pampublikong ahensya na tasahin ang kanilang anak;
- Ang mga magulang ay tumanggi na pahintulutan ang pampublikong ahensya na bigyan ng special education na mga serbisyo; o
- Ang bata ay natasa at napagpasyahan na siya ay hindi isang bata na may kapansanan sa ilalim ng IDEA.

Kung ang pampublikong ahensya ay hindi kinilala na ang bata ay may kapansanan bago magsagawa ng isang pandisiplinang kilos, ang bata ay maaaring sumailalim sa parehong mga hakbang na pandisiplina bilang isang bata na walang mga kapansanan na nakakasama sa mga katulad o maipagkukumparang mga pag-uugali.

Kung ang magulang ay humiling ng isang pagtatasa, sa timeframe na kung saan ang kanilang anak ay sumasailalim sa mga pandisiplinang hakbang, kailangang pabilisin ang pagtatasa. Sa

⁽²³⁾ 34 CFR § 300.532(c)(5).

⁽²⁴⁾ 34 CFR § 300.532(b)(3).

nakabinbin na mga resulta, ang bata ay mananatili sa parehong pagkakatalaga sa edukasyon na tiniyak ng mga awtoridad ng paaralan. Kung, batay sa pagtatasa ng pampublikong ahensya at impormasyong binigay ng mga magulang, ang bata ay napagpasyahan na isang bata na may kapansanan, ang pampublikong ahensya ay dapat magbigay ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito at lahat ng mga proteksyon sa pamamaraan hinggil sa pagdisiplina sa mga batang may kapansanan ay gagamitin.

Rekomendasyon sa at Pagkilos ng Law Enforcement at Judicial na Mga Awtoridad

Ang IDEA ay hindi nagbabawal mula sa mga pampublikong ahensya mula sa pag-uulat ng krimen sa mga naaangkop na awtoridad, at law enforcement. Maaaring gamitin ng mga judicial na awtoridad ang kanilang mga responsibilidad sa paggamit ng pederal na batas at batas ng Estado sa mga krimen na ginawa ng isang bata na may kapansanan. Anumang ahensya na nag-uulat ng krimen ay magbibigay ng mga kopya ng special education at pandisiplinang rekord ng bata sa naaangkop na mga awtoridad sa saklaw na pinapahintulutan ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA).

UNILATERAL NA PAGTATALAGA NG MAGULANG SA MGA BATA SA MGA PRIBADONG PAARALAN NA GASTUSIN NG PUBLIKO

IEP
34 CFR § 300.148

Hindi hinihiling ng IDEA mula sa pampublikong ahensya na bayaran ang gastos para sa edukasyon, kasama na ang maagang pamamagitan o special education at ng mga nauugnay na serbisyo, ng isang bata na may kapansanan sa isang pribadong paaralan kung ang pampublikong ahensya ay nagsagawa ng isang free appropriate public education (FAPE) na available at pinili ng magulang na ilagay ang kanilang anak sa isang pribadong paaralan.

Hindi hinihiling ng IDEA mula sa pampublikong ahensya na bayaran ang gastos para sa edukasyon, kasama na ang special education at ng mga nauugnay na serbisyo, ng isang bata na may kapansanan sa isang pribadong paaralan kung ang pampublikong ahensya ay nagsagawa ng isang free appropriate public education (FAPE) na available at pinili ng mga magulang na ilagay ang kanilang anak sa isang pribadong paaralan. Gayunman, isasama ng pampublikong ahensya ang bata sa populasyon ng mga bata na inilagay sa mga pribadong paaralan ng kanilang mga magulang, na umaalinsunod sa mga pederal na regulasyon.

Ang mga di pagkakasunduan sa pagitan ng mga magulang at ng pampublikong ahensya hinggil sa pagiging available ng FAPE at pinansiyal na responsibilidad ay sumasailalim sa mga pamamaraan sa due process na reklamo sa ilalim ng IDEA. Mangyari lang sumangguni sa "Paglulutas ng Mga Di Pagkakasunduan" para sa mas tiyak na impormasyon.

Kung ang isang bata na may kapansanan ay dating nakatanggap ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo dito sa ilalim ng awtoridad ng pampublikong ahensya, at ang mga magulang ay nag-enroll sa kanilang anak sa isang pribadong preschool, elementary, o secondary school nang walang pahintulot o rekomendasyon ng pampublikong ahensya, isang ALJ o ang korte, ay maaaring humiling mula sa pampublikong ahensya na ibalik ang bayad sa mga

magulang para sa gastusin sa nasabing enrollment kung natuklasan ng isang ALJ o korte na ang pampublikong ahensya ay hindi ginawang available ang FAPE sa bata sa oras bago ang nabanggit na enrollment, at ang pribadong pagtatalaga ay naaangkop. Maaaring ituring ng ALJ o ng korte na ang inyong pagtatalaga bilang magulang ay angkop kahit na hindi ito nakakatugon sa mga pamantayan ng Estado na ginagamit para sa edukasyon na ipinagkakaloob ng mga pampublikong ahensya.

Limitasyon sa Pagsasauli ng Bayad:

Ang pagsasauli ng bayad ay maaaring bawasan o tanggihan ng ALJ o ng korte kung:

- Sa pinakahuling meeting ng IEP team na dinaluhan ng mga magulang bago alisin ang kanilang anak mula sa pampublikong paaralan, hindi sinabi ng mga magulang sa IEP team na tinatanggi nila ang pagtatalaga na iminungkahi ng pampublikong ahensya para makapagkaloob ng FAPE, kasama ang pagsasaad ng kanilang mga ikinababahalang at ng kanilang layunin na i-enroll ang kanilang anak sa isang pribadong paaralan na gastusin ng publiko; o
- Hindi mas bababa sa sampung (10) araw na may pasok sa trabaho (kasama ang anumang araw na may pasok sa paaralan na babagsak sa araw na piyesta opisyal) bago alisin ng mga magulang ang kanilang anak mula sa pampublikong paaralan, ang mga magulang ay hindi nagbigay sa pampublikong ahensya ng nakasulat na abiso ng kanilang layunin na alisin ang kanilang anak, kasama ang kanilang mga pagkakahalagang hinggil sa pampublikong pagtatalaga sa bata; o
- Kung bago alisin ng mga magulang ang kanilang anak mula sa pampublikong paaralan, ang pampublikong ahensya ay nagsabi sa mga magulang, sa pamamagitan ng naunang nakasulat na abiso ng layunin nito na tasahin ang kanilang anak (kasama ang isang pahayag ng layunin ng pagtatasa na angkop at makatuwiran), pero ang mga magulang ay di naman ginawang available ang kanilang anak para matasa; o
- Sa pagtutuklas ng hukom sa di pagkakaroon ng katuwiran sa pagsasaalang-alang sa mga kilos ng mga magulang.

Kahit pa mana nakasaad ang mga requirement sa abiso sa itaas, ang gastusin para sa pagsasauli ng bayad:

- Hindi mababawasan o tatanggihan sanhi ng kabiguan ng mga magulang na ibigay ang nasabing abiso, kung:
 - Pinigilan ng pampublikong ahensya ang mga magulang sa pagbibigay ng nasabing abiso,
 - Ang mga magulang ay hindi nakatanggap ng nakasulat na abiso, sa ilalim ng mga requirement para sa abiso ng IDEA na inilalarawan sa itaas,
 - Ang pagsunod sa mga requirement sa abiso ay marahil na magresulta sa pisikal na pananakit sa bata, at
- Maaari, sa pagpapasya ng korte o ng isang ALJ, na hindi bawasan o tanggihan sa kabiguan na ibigay ang nasabing abiso kung:
 - Ang mga magulang ay hindi marunong magsulat o magbasa at hindi nakakasulat sa wikang Ingles, o
 - Ang pagsunod sa abiso tulad nang nakasaad sa itaas ay marahil na magresulta sa matinding emosyonal na sakit sa bata.

PAGLILIPAT NG MGA KARAPATAN SA MAGULANG SA PAGESAPIT NG HUSTONG GULANG

IEP
34 CFR § 300.520

Sa Maryland, ang mga karapatan ng mga magulang ay hindi nalilipat sa mga bata na may kapansanan sa pagsapit ng mga ito hustong gulang, maliban sa mga limitadong pangyayari.

Sa ilalim ng batas ng Maryland, sa ilang mga limitadong pangyayari, ang lahat ng mga karapatan na pinagkasunduan kasama ng mga magulang sa ilalim ng IDEA ay malilipat sa isang batang may kapansanan. Ang paglilipat na ito ay nagaganap kapag ang bata ay umabot sa edad na 18 taong gulang, kung ang bata ay hindi napagpasyahang walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado at may mga dokumeto na:

- Ang mga magulang ay hindi available o di kilala, hiniling ng bata na ang mga karapatan bilang magulang ay ilipat sa bata kaysa sa magtalaga ng isang surrogate na magulang;
- Ang mga magulang ay hindi lumahok sa special education na desisyon para sa bata makalipas ang paulit-ulit na pagtatangka ng pampublikong ahensya na iasama ang mga magulang sa nakaraang taon;
- Ang mga magulang ay tiyak na tumanggi sa paglalahok sa proseso ng pagdedesisyon para sa special education;
- Hindi makakasali ang mga magulang sa proseso ng pagdedesisyon sa special education sanhi ng tumagal na pagkaka-ospital, pagkalalagay sa institusyon, o matinding sakit o kawalan ng lakas ng isa o parehong mga magulang at ang mga magulang ay pumayad sa paglilipat ng mga karapatan sa bata;
- Ang mga magulang ay di makakasali sa proseso ng pagdedesisyon para sa special education sanhi ng mga di pangkaraniwang pangyayari na hindi nila nakontrol, at pumayag ang mga magulang na ilipat ang karapatan ng kanilang anak; o
- Ang bata ay wala sa tahanan ng kaniyang mga magulang at hindi napapailalim sa pag-aalaga o custody ng iba pang pampublikong ahensya.

Kung ang mga magulang ng isang bata na may kapansanan, kung saan nakatira kasama ng bata, ay di pumayag sa paglilipat ng mga karapatan sa bata sa edad na 18 taong gulang, at ang bata ay hindi napasyahang walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado, ang alinmang panig ay maaaring magsampa ng isang reklamo para sa due process para mapagpasyahan kung ang mga karapatan ay dapat na ilipat.

Kung ang isang batang may kapansanan ay kinatawan ng isang surrogate na magulang na alinsunod sa batas pederal at batas ng Estado at ng mga regulasyon nito, ang pampublikong ahensya ay magbibigay ng anumang nakasulat na abiso na hiniling sa ilalim ng mga batas at regulasyon ng pederal at Estado sa parehong bata at surrogate na magulang. Ang lahat ng iba pang mga karapatan na ipinagkakaloob sa surrogate na magulang sa ilalim ng IDEA ay malilipat sa bata kung ang bata ay hindi mapagpasyahan na walang kakayahan sa ilalim ng batas ng Estado at hilingin ng bata na ilipat ang mga karapatan.

PAGLULUTAS SA MGA DI PAGKAKSUNDUAN

IEP at IESP

34 CFR §§ 300.506-300.516 at 34 CFR §§ 303.430-303-434 at §§ 303.440-303.449

Ang mga sumusunod na pamamaraan ay naglalarawan sa mga proseso na available sa mga magulang at pampublikong ahensya sa paglulutas ng mga di pagkakasunduan hinggil sa maagang pamamagitan ng bata o special education program at ng mga nauugnay na serbisyo nito, kasama na ang pagiging karapat-dapat. Ang mga opsyon na ito ay kinabibilangan ng pamamagitan, reklamo sa Estado, at reklamo sa due process.

Pamamagitan:

Ang pamamagitan ay isang boluntaryong proseso para sa lahat ng mga panig na maaaring gamitin kahit kailan ng mga magulang ng isang batang may kapansanan at ng pampublikong ahensya na may pananagutan sa edukasyon ng bata sa mga nalutas na di pagkakasunduan kasama na ang anumang bagay sa ilalim ng Part B ng IDEA, kasama na ang mga bagay-bagay na dulot ng pagsasampa ng isang due process na reklamo.⁽²⁵⁾ Ang pamamagitan ay maaaring hilingin ng mga magulang o ng pampublikong ahensya.⁽²⁶⁾

Kung habang may meeting sa IEP/IFSP na team ang isang magulang ay di sumang-ayon sa IEP/IFSP ng bata o sa special education na mga serbisyong ipinagkaloob sa bata, ang IEP/IFSP ay magbibigay sa magulang, sa malinaw na pananalita:

- Ng isang oral o nakasulat na pagpapaliwanag sa karapatan ng magulang para humiling ng pamamagitan;
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kasama na ang numero ng telepono, na maaaring gamitin ng magulang para makakuha ng mas maraming impormasyon tungkol sa proseso ng pamamagitan; at
- Impormasyon hinggil sa pro bono na pangangatawan at iba pang libre o murang legal at ng nauugnay na serbisyong available sa area.

Maaaring hilingin ng mga magulang ang impormasyon tungkol sa pamamagitan na maisalin-wika sa katutubong wika ng mga magulang. Kung ang binibigkas na katutubong wika ng mga magulang ay ginagamit ng higit sa 1 porsiyento ng populasyon ng mga mag-aaral sa lokal na sistema ng paaralan, ang IEP/IFSP team ay dapat magbigay sa mga magulang ng nakasalin-wika na dokumento sa loob ng 30 araw makalipas ang petsa ng request.

Ang empleyado ng Office of Administrative Hearings (OAH) na kuwalipikado at sanay sa mabisang mga pamamaraan sa pamamagitan ang magsasagawa ng pamamagitan. Ang OAH ay isang walang kinikilingang entity na hindi parte ng MSDE. Ang OAH ay may listahan ng mga kuwalipikadong empleyado na walang personal o professional na conflict on interest, hindi empleyado ng ahensya ng Estado o ng LEA na kasama sa pagtuturo o pag-aalaga sa bata at napili sa isang walang kinikilingan na pamamaraan para gawin ang pamamagitan. Ang isang kuwalipikadong mediator tulad nang inilarawan sa itaas ay di isang empleyado ng MSDE o LEA dahil lang siya ay naglilingkod bilang mediator.

- Ang pamamagitan ay hindi gagastusan ng magulang o ng pampublikong ahensya na may responsibilidad sa maagang pamamagitan o edukasyon ng bata, kasama na ang gastos sa isang meeting sa mga magulang para mahikayat ang pamamagitan.

Ang request para sa pamamagitan ay ginawa para sa pampublikong ahensya na may pananagutan para sa maagang pamamagitan o edukasyon ng bata at ng OAH. Para makatulong sa mga magulang sa pagsasampa ng isang request para sa pamamagitan, may available na form mula sa pampublikong ahensya at sa website ng MSDE sa www.marylandpublicschools.org. Para sa karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa Special Education Office ng pampublikong ahensya o sa MSDE, Division of Early Intervention/Special Education Services, 410-767-7770.

⁽²⁵⁾ 34 CFR § 300.506(b)(1)(i).

⁽²⁶⁾ 34 CFR § 303.431(a).

- Ang mga magulang o ang pampublikong ahensya ay maaaring samahan o payuhan ng counsel habang isinasagawa ang pamamagitan.
- Ang mediation session ay karaniwang nagaganap sa loob ng 20 araw nang matanggap ang nakasulat na request, pero kailangang i-schedule sa oras at sa lokasyon na maginhawa para sa mga panig na di nagkakasundo.⁽²⁷⁾
- Ang mga mediation session ay mga saradong pagdinig. Ang mga pag-uusap na nagaganap habang may pamamagitan ay dapat kompidensyal at hindi maaaring gamitin bilang katibayan sa anumang mga susunod na due process na pagdinig o civil action ng alinmang Pederal o Pang-estado na korte ng isang Estado na nakakatanggap ng tulong sa ilalim ng Part B ng IDEA. Ang mga magulang o pampublikong ahensya ay maaaring hilingin na lumagda sa isang pangako ng pagkakompidensyal bago simula ang pamamagitan.
- Ang kasunduan na natamo mula sa parehong panig sa pamamagitan ay tatakda sa isang nakasulat na kasunduan na mapapatupad sa anumang Korte ng Estado na may awtoridad na pakinggan ang ganitong uri ng kaso, o sa federal district court. Ang kasunduang ito ay dapat lagdaan ng magulang at ng kinatawan ng ahensya na may awtoridad na ibuklod sa kasunduan ang ahensya.
- Ang pamamagitan ay available para lutasin ang mga di pagkakasunduan kung ang isang magulang ay nagsampa ng isang due process na reklamo para humiling ng isang due process na pagdinig, pero ang pampublikong ahensya ay hindi maaaring gumamit ng pamamagitan para tanggihan o ipaantala ang karapatan ng magulang sa isang pagdinig sa due process na reklamo ng magulang.

Meeting para Mahikayat ang Pamamagitan:

Maaaring alukin ng pampublikong ahensya sa mga magulang, na piniling hindi gamitin ang proseso ng pamamagitan, na magkita sa isang oras at lokasyon na madali para sa mga magulang, para maipaliwanag ang mga benepisyo ng proseso ng pamamagitan at mahikayat ang mga magulang na gamitin ang proseso.

Pagkakaiba sa Pagitan ng Reklamo sa Estado at isang Due Process na Reklamo:

Bilang pandagdag sa pamamagitan, ang mga magulang ay may karapatan na gamitin ang proseso sa reklamo sa Estado o proseso para sa due process na reklamo para malutas ang mga di pagkakasunduan sa pampublikong ahensya. Ang mga opsyon na ito ay may iba't ibang mga tuntunin at pamamaraan.

Ang mga regulasyon ng IDEA ay may hiwa-hiwalay na pamamaraan sa mga reklamo sa Estado at para sa mga due process na reklamo. Tulad nang ipinaliwanag sa ibaba, sinumang indibiduwal o organisasyon ay maaaring magsampa ng isang reklamo sa Estado na nagpapatang ng paglalabag sa anumang requirement ng IDEA ng isang pampublikong ahensya. Ang magulang o pampublikong ahensya lang ang maaaring magsampa ng isang due process na reklamo sa anumang paksa na may kaugnayan sa pagkikilala, pagtatasa, maagang pamamagitan na mga serbisyo o pagtatalaga sa pag-aaral ng bata na may kapansanan, o ang pagkakaloob ng free appropriate public education (FAPE) sa bata.

Ang staff ng MSDE ay karaniwang dapat na lutasin ang reklamo sa Estado sa loob ng 60 na

⁽²⁷⁾ 34 CFR § 303.431(b)(4).
Binago ng Mayo2021_FINAL
Epektibo Hulyo 1, 2021

araw na batay sa kalendaryo, maliban kung ang timeline ay tamang ipinatagal. Dapat marinig ng ALJ ang due process na reklamo (kung hindi malutas sa pamamagitan ng isang meeting ng resolusyon o sa pamamagitan ng isang mediation) at magpalabas ng isang nakasulat na desisyon sa loob ng 45 na araw batay sa kalendaryo sa katapusan ng isang takdang panahon para sa resolusyon o inayos na takdang panahon para sa resolusyon, maliban na lang kung ang ALJ ay magbigay ng tiyak na extension sa takdang panahon sa request ng magulang o sa request ng pampublikong ahensya.

Para sa isang malawakang pananaw at paghahambing sa mga opsyon na ito, basahin ang Attachment sa dokumentong ito.

Reklamo sa Estado:

Ang isang organisasyon o indibiduwal, kasama na ang mula sa ibang Estado, ay may karapatan na magsampa ng Reklamo sa Estado sa Maryland State Department of Education (MSDE). Para makapagsagawa ang Estado ng isang imbestigasyon, ang nakasulat na reklamo ay dapat makatugon sa tiyak na kriterya tulad nang hiniling sa ilalim ng mga regulasyon ng IDEA. Ang MSDE ay responsable para sa paghihiwalay nang malawakan ang mga pamamaraan para sa Reklamo ng Estado sa mga magulang at iba pang mga interesadong indibiduwal, kasama na ang pagsasanay sa magulang at mga information center, mga protection at advocacy na ahensya, mga independiyenteng living center, at iba pang mga naaangkop na entity.

Kung ang isang organisasyon o indibiduwal, kasama na iyong mula sa ibang Estado ay naniwala na ang isang pampublikong ahensya ay lumabag sa pederal o pang-Estado na batas o regulasyon hinggil sa maagang pamamagitan o requirement para sa special education, o ang isang pampublikong ahensya ay hindi nagbigay ng desisyon sa isang due process na pagdinig, ang reklamo ng Estado ay maaaring isampa para malutas ang paksa. Ang reklamo ay dapat isampa sa MSDE at dapat isulat sa Assistant State Superintendent, Division of Early Intervention/Special Education Services, MSDE, 200 West Baltimore Street, Baltimore, Maryland 21201. Ang tao o organisasyon na nagsampa ng isang reklamo sa Estado sa MSDE ay dapat rin magpadala ng kopya ng reklamo sa pampublikong ahensya ng kasabay. Para makatulong sa pagsasampa ng reklamo, ang detalyadong mga pamamaraan at form ay available sa MSDE website sa www.marylandpublicschools.org, o sa pamamagitan ng pagtawag sa Division's Complaint Investigation and Due Process Branch sa 410-767-7770.

Ang reklamo sa Estado ay dapat may kasamang:

- Isang pahayag na ang pampublikong ahensya ay lumabag sa isang requirement ng pederal o pang-estado na batas o regulasyon, o ang pampublikong ahensya ay nabigo sa pagpapatupad ng isang pagdinig sa due process na desisyon;
- Ang mga katotohanan kung saan ang pahayag ay batay;
- Ang lagda at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa tao/organisasyon na nagsasampa ng reklamo sa Estado; at
- Kung ang reklamo sa Estado ay nagpapatang ng isang paglalabag sa isang tiyak na bata:
 - Ang pangalan at address ng tirahan ng bata;
 - Ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng bata;

- Sa kaso ng isang walang tirahan na bata o kabataan, ang available na impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bata, at ang pangalan ng paaralan na pinapasukan ng bata;
- Isang paglalarawan ng kalikasan ng problema ng bata, kasama na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; at
- Isang namungkahing resolusyon ng problema sa saklaw na alam at available sa panig sa oras nang naisampa ang reklamo sa Estado.

TALA: Ang MSDE ay may mga modelong form para makatulong sa mga magulang at pampublikong ahensya sa pagsasampa ng isang reklamo sa Estado. Ang mga magulang, pampublikong ahensya at iba pang mga panig ay maaaring gumamit ng model form na ito, o maaari nilang gamitin ang anumang iba pang uri basta't ito ay nakakatugon sa mga requirement sa itaas.

Ang reklamo sa estado ay dapat magparatag ng isang paglalabag na nagaap ng hindi higit sa isang taon bago matanggap ng Estado ang reklamo. Dapat magpalabas ang MSDE ng isang nakasulat na desisyon na naglalaman ng mga natuklasan na katotohanan at mga konklusyon sa loob ng 60 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo sa Estado, at maaaring patagalin ng 60 na araw na timeline lang kung:

- May di pangkaraniwang mga pangyayari ang naganap hinggil sa isang partikular na reklamo;⁽²⁸⁾ o
- Ang magulang at ang pampublikong ahensya na kabilang sa kusang pagsasang-ayon na patagalin ang oras para subukan ang pamamagitan o mga alternatibong pamamaraan para malutas ang resolusyon.⁽²⁹⁾

Dapat gawin ng MSDE kahit man lang:

- Ang pagsasagawa ng isang independiyenteng on-site na imbestigasyon, kung matiyak na kinakailangan ito;
- Magbigay sa nagrereklamo ng oportunidad na magsumite ng karagdagang impormasyon, sa oral o sa pamamagitan ng kasulatan, tungkol sa mga alegasyon sa reklamo sa Estado;
- Magbigay sa pampublikong ahensya ng oportunidad na magsumite ng isang mungkahi na lutasin ang reklamo at bigyan ang mga panig ng oportunidad na kusang sumali sa pamamagitan na umaalinsunod sa 34 CFR § 300.506.⁽³⁰⁾
- Balik-aralan ang lahat ng mahahalagang impormasyon at magsagawa ng isang independiyenteng pagpapasya kung ang pampublikong ahensya ay lumabag sa mga requirement ng mga batas pederal at ng Estado; at
- Magpalabas ng isang nakasulat na desisyon sa nagrereklamo at sa pampublikong ahensya na tumutugon sa bawat alegasyon sa reklamo at naglalaman ng mga natuklasan na katotohanan at mga konklusyon at ang mga dahilan para sa panghuling desisyon ng MSDE.

Ang desisyon ay may kasama rin na mga pamamaraan para sa mabisang pagpapatupad ng panghuling desisyon, kung kinakailangan, kasama ang mga technical assistance na aktibidad, mga negosasyon, at pangwastong kilos para matamo ang pagsunod sa mga ito. Kung mapagpasyahan ng MSDE na ang isang pampublikong ahensya ay nabigong magbigay ng mga

⁽²⁸⁾ 34 CFR § 300.152(b)(1)(i).

⁽²⁹⁾ 34 CFR § 300.152(b)(1)(ii).

⁽³⁰⁾ 34 CFR § 300.152(a)(3).

naaangkop na serbisyo, ang panghuling nakasulat na desisyon ay tutugon kung paano muling mamamagitan ang pampublikong ahensya sa pagtatangi sa mga nasabing serbisyo na angkop sa mga pangangailangan ng bata, kasama ang pangwastong kilos na angkop para tugunan ang mga pangangailangan ng bata (tulad ng nagbibigay kompensasyon na mga serbisyo o pagbabalik ng perang nagastos), at ang naaangkop na mga panghinaharap na serbisyo para sa lahat ng mga bata na may kapansanan.

Paglulutas ng Reklamo sa Estado:

Ang pamamagitan at iba pang hindi masyado pormal na pamamaraan para malutas ang di pagkakasunduan ay maaaring available at hinihikayat. Kung malutas ng mga pangi ang reklamo, hindi magsasagawa ang MSDE ng isang imbestigasyon sa ilalim ng mga pederal na regulasyon.

Paglulutas ng Reklamo sa Estado na Sumasailalim sa Due Process na Pagdinig:

Kung makatanggap ang MSDE ng isang reklamo na parte rin ng isang pagdinig sa due process, o kung ang reklamo sa Estado ay naglalaman ng maraming mga isyu kung saan ang isa o higit pa ay parte ng isang pagdinig, dapat isantabi ng MSDE na anumang reklamo ng Estado na tinutugunan sa due process na pagdinig hanggat mabigyang konklusyon ang nasabing due process na pagdinig. Gayunman, anumang isyu sa reklamo sa Estado na hindi parte ng due process na pagdinig ay dapat malutas gamit ang timeline at mga pamamaraan na inilarawan sa itaas. Kung ang isang isyu na ipinahayag sa isang reklamo sa Estado na dating napagpasyahan sa isang due process na pagdinig, kabilang ang parehong panig, ang desisyon sa pagdinig ay nagbubuklod, at sasabihin ng MSDE sa nagreklamo sa parehong paraan.

Reklamo ng Due Process:

Ang magulang, early intervention services provider, lokal na lead agency, o pampublikong ahensya ay maaaring magsampa ng isang due process na reklamo sa anumang paksa na may kaugnayan sa pagkikilala, pagtatasa, pagtatalaga sa bata, o ang pagkakaloob ng early intervention services o pagtatalaga sa pag-aaral, o ang pagkakaloob ng free appropriate public education (FAPE) sa bata.⁽³¹⁾

Ang reklamo sa due process ay dapat magparatang sa paglalabag na naganap sa loob ng dalawang taon mula sa petsa

na nalaman ng magulang o ahensya o dapat na nalaman ang tungkol sa napatang na kilos na bumubuo sa batayan ng due process na reklamo, o kung ang Estado ay may malinaw na limitasyon sa oras para sa pag-request ng nasabing due process na pagdinig sa ilalim ng parte na ito, sa oras na pinahintulutan ng batas ng nasabing Estado.⁽³²⁾

Ang timelines na ito ay hindi magagamit sa isang magulang kung hinadlangan ang magulang na magsampa ng isang due process na reklamo sa loob ng timeline dahil ang pampublikong ahensya ay tiyak na hindi kumatawan na nalutas nito ang mga isyu na nakilala sa due process na reklamo, o ang pampublikong ahensya ay di nagpalabas ng impormasyon mula sa magulang na hiniling na ibigay sa ilalim ng IDEA.⁽³³⁾

⁽³¹⁾ 34 CFR § 303.440(a).

⁽³²⁾ 34 CFR § 300.511(e).

⁽³³⁾ 34 CFR § 300.511(f).

Para magsampa ng due process na reklamo, ang magulang o pampublikong ahensya (o ang abogado ng magulang o abogado ng pampublikong ahensya) ay dapat magsumite ng isang due process na reklamo sa kabilang panig at sa OAH. Ang reklamo ay dapat maglaman ng lahat ng nilalaman na nakalista sa ibaba at dapat ituring na kompidensyal.

Para makatulong sa mga magulang sa pagsasampa ng isang due process na reklamo, [Request para sa Pamamagitan at Due Process](#)

Ang [Form para sa Reklamo](#) ay available mula sa pampublikong ahensya kung saan ang maagang pamamagitan na serbisyo ay ipinagkakaloob, kung saan pumapasok sa paaralan ang bata, at sa website ng MSDE sa

www.marylandpublicschools.org. Ang impormasyon ay available rin tungkol sa anumang posibleng walang bayad o murang legal na mapagkukuhanan ng impormasyon o tulong sa kahilingan ng magulang o kung ang magulang o ahensya ay nagsampa ng isang due process na reklamo. Para sa karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa early intervention office ng pampublikong ahensya, sa special education office, o sa MSDE Division of Early Intervention/Special Education Services sa (410) 767- 7770.

Nilalaman ng Reklamo ng Due Process:

Ang reklamo ng due process ay dapat na kasama ang:

- Pangalan ng bata;
- Address ng tirahan ng bata (o, para sa isang batang walang bahay o homeless ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan);
- Pangalan ng paaralan na pinapasukan ng bata;
- Pangalan ng pampublikong ahensya na responsable para sa edukasyon ng bata (hal. local school system);
- Isang paglalarawan sa problema ng bata na may kaugnayan sa namungkahi o tinanggihang simulain o pagbabago, kasama na ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; at
- Isang namungkahing resolusyon sa problema sa saklaw na kilala at available sa panig sa oras ng reklamo.

Ang magulang o pampublikong ahensya ay maaaring walang due process na pagdinig hangga't ang magulang o ang pampublikong ahensya (o ang abogado ng mga magulang o ang abogado ng pampublikong ahensya), ay nagsampa ng isang due process na reklamo na kasama ang impormasyong ito. Ang MSDE ay may mga available na modelong form para makatulong sa mga magulang at pampublikong ahensya sa pagsasampa ng isang due process na reklamo sa Estado. Ang mga magulang, pampublikong ahensya at iba pang mga panig ay maaaring gumamit ng model form na ito, o maaari nilang gamitin ang anumang iba pang uri basta't ito ay nakakatugon sa mga requirement sa itaas.

Sagot sa Reklamo ng Due Process:

Kapag ang isang panig ay nagsampa ng isang due process na reklamo, ang pampublikong ahensya na may pananagutan sa maagang pamamagitan ng bata at edukasyon ay:

- Sasabihin sa magulang tungkol sa libre o murang legal at iba pang mga nauugnay na serbisyo na available;
- Magbibigay sa magulang ng kopya ng dokumento ng mga proteksyon sa pamamaraan; at
- Sasabihin sa magulang ang pagiging available ng pamamagitan.

Kung ang pampublikong ahensya ay di nagpadala ng paunang abuso sa mga magulang hinggil sa mga isyu na ipinahiwatig ng magulang sa reklamo ng due process, ang pampublikong ahensya ay magpapadala sa magulang ng sagot, sa loob ng 10 araw nang matanggap ang reklamo sa due process, na naglalaman ng:

- Isang pagpapaliwanag kung bakit ang pampublikong ahensya ay nagmumungkahi o tumatanggi na kumilos;
- Isang paglalarawan ng anumang iba pang mga opsyon na nakonsidera ng pampublikong ahensya at ang mga dahilan kung bakit ang mga opsyon na iyon ay tinanggihan;
- Isang paglalarawan sa bawat pamamaraan ng pagtatasa, assessment, rekord o ulat na ginamit bilang batayan sa namungkahi o tinanggihang kilos;
- Isang paglalarawan sa iba pang mga factor na nauugnay at ginamit bilang batayan para sa namungkahi o tinanggihang kilos;
- Isang pahayag na ang mga magulang ng bata na may kapansanan ay may mga proteksyon sa ilalim ng mga proteksyon sa mga pamamaraan ng parteng ito at, kung ang abisong ito ay hindi isang paunang rekomendasyon para sa pagtatasa, ang pamamaraan kung saan ang kopya ng mga proteksyon sa pamamaraan ay makukuha; at
- Mga mapagkukuhanan ng impormasyon ng mga magulang sa pakikipag-ugnayan para makakuha ng tulong sa pag-uunawa ng mga kondisyon ng IDEA.

Ang sagot na ito ay di pumipigil sa pampublikong ahensya sa pagdidiin na ang reklamo sa due process ng magulang ay hindi sapat, kung kailan naaangkop.

Ang iba pang panig sa isang reklamo sa due process (magulang o pampublikong ahensya) ay dapat magpadala sa ibang panig ng sagot na tiyak na tumutugon sa mga isyu sa reklamo sa due process, sa loob ng 10 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo sa due process.

Pagkakasapat ng Abiso:

Ang reklamo sa due process ay makokonsidera na sapat maliban kung ang panig na nakakatanggap ng reklamo ay nagbigay ng abiso sa OAH at sa ibang panig sa pamamagitan ng isang kasulatan ng 15 araw nang matanggap ito, at pinaniniwalaan ng ikatlong panig na ang due process na reklamo ay hindi nakakatugon sa mga requirement sa nilalaman. Sa loob ng limang (5) araw nang matanggap ang abiso ng kakulangan, pagpapasyahan ng OAH kung ang reklamo sa due process ay nakakatugon sa mga requirement sa nilalaman at agad na sasabihin sa mga panig sa pamamagitan ng kasulatan.

Maaari lang baguhin ng panig ang reklamo sa due process nito kung ang iba pang panig ay nagbibigay pahintulot sa pamamagitan ng kasulatan at binigyan ng oportunidad na malutas ang mga isyu sa pamamagitan ng isang meeting ng resolusyon tulad nang nakatala sa ibaba; o ang OAH ay nagbibigay pahintulot ng hindi mas tatagal sa limang (5) araw bago ganapin ang pagdinig sa due process. Ang timeline para sa meeting ng resolusyon at ang pagdinig sa due process ay mag-uumpisa muli kasabay ng pagsasampa ng nabagong reklamo sa due process.

Katayuan ng Bata Habang May Paglilitis:

Habang nakabinbin ang anumang administratibo o judicial na paglilitis (maliban kung ipinagkaloob sa ilalim ng pandisiplinang seksyon), maliban kung ang magulang at pampublikong ahensya ay sumang-ayon, kung hindi, ang bata ay dapat manatili sa kaniyang kasalukuyang maagang pamamagitan o pagkakatalaga sa pag-aaral. Kung ang paglilitis ay

kinabibilangan ng paunang application para sa mga serbisyo ng maagang pamamagitan, ang bata ay dapat makatanggap ng mga nasabing serbisyo na hindi pinagtatalunan.⁽³⁴⁾ Kung ang paglilitis ay kinasasangkutan ng paunang application sa paunang admission sa pampublikong paaralan, ang bata, kasama ng pahintulot ng magulang, ay dapat ilagay sa pampublikong programa hangga't matapos ang lahat ng mga pagdinig. Kung ang desisyon ng ALJ ay sumasang-ayon sa mga magulang na ang pagbabago sa maagang pamamagitan na serbisyo o pagtatalaga sa pag-aaral ay naaangkop, na ang pagtatalaga ay magiging ang kasalukuyang pagkakatalaga ng batay habang hinihintay ang mga susunod na apela.

Gayunman, kung kabilang sa reklamo ang application para sa paunang mga serbisyo sa ilalim ng part na ito mula sa bata na nagta-transisyon mula Part C (IFSP) ng Act patungo sa Part B (IEP) at hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Part C dahil ang bata ay tatlong taon na, ang pampublikong ahensya ay hindi hinihiling na magbigay ng mga serbisyo sa Part C na nakukuha na ng bata. Kung ang bata ay matuklasang karapat-dapat para sa special education at sa mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Part B at pumayag ang magulang sa paunang pagkakaloob ng special education at ng mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng § 300.300(b), sa gayon ay dapat na ibigay ng pampublikong ahensyang iyon ang special education at ang mga nauugnay na serbisyo na hindi pinagtatalungan ng magulang at pampublikong ahensya.⁽³⁵⁾

Proseso ng Resolusyon:

Sa loob ng 15 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo sa due process ng magulang, at bago magsimula ang pagdinig sa due process, ang pampublikong ahensya ay dapat na kumuha ng meeting sa isang magulang at ang nauugnay na miyembro o mga miyembro ng Individualized Family Service Plan (IFSP) team o Individualized Education Program (IEP) team na may tiyak na kaalaman sa mga katotohanang kinilala sa due process na reklamo ng magulang.

Ang meeting:

- Kailangang kasama ang isang kinatawan ng pampublikong ahensya na may awtoridad sa pagdedesisyon sa ngalan ng pampublikong ahensya; at
- Ay hindi dapat isama ang abogado na kumakatawan sa pampublikong ahensya maliban kung ang magulang ay nagsama ng isang abogado.

Ang magulang at ang pampublikong ahensya ay magpapasya sa mga nauugnay na miyembro ng IFSP o IEP team na dadalo sa meeting. Ang layunin ng meeting ay para talakayin ng magulang ang reklamo sa due process, at ang mga katotohanan na bumubuo sa batayan ng reklamo, kaya't ang pampublikong ahensya ay may oportunidad na lutasin ang di pagkakasunduan.

Ang meeting ng resolusyon ay hindi kinakailangan kung:

- Ang magulang at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na bawiin ang meeting;
- Ang magulang at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon na subukan ang isang pamamagitan; o;
- Ang pampublikong ahensya na nagpasimula ng reklamo sa due process .

Kung hindi nalutas ng pampublikong ahensya ang reklamo sa due process ayon sa kasiyahan ng magulang sa loob ng 30 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang reklamo (panahon ng resolusyon), ang

⁽³⁴⁾ 34 CFR § 303.430(e)(2).

⁽³⁵⁾ 34 CFR § 300.518(c).

pagdinig sa due process ay maaaring maganap.

Ang 45 araw na takdang panahon sa pagpapalabas ng isang panghuling desisyon ay mag-uumpisa sa katapusan ng 30 araw na takdang panahon ng resolusyon, maliban kung ang isa sa mga sumusunod na pangyayari na inilarawan sa ibaba sa *Mga Pagbabago sa 30 Araw na Batay sa Kalendaryo na Takdang Panahon sa Resolusyon o Pinabilis na Mga Timeline na seksyon* ay ginagamit.

Mga Pagbabago sa 30 Araw na Batay sa Kalendaryo na Takdang Panahon sa Resolusyon:

Maliban kung ang magulang at ang pampublikong ahensya ay sumang-ayon na patagalin ang proseso ng resolusyon, bawiin ang proseso ng resolusyon, o gamitin ang pamamagitan, ang kabiguan ng magulang na sumali sa meeting sa resolusyon ay magpapaantala sa mga timeline para sa proseso ng resolusyon at pagdinig sa due process hangga't maganap ang meeting.

Kung, pagkatapos na gumawa ng mga makatuwirang pagsisikap at pagsasadokumento ng mga nasabing pagsisikap, ang pampublikong ahensya ay hindi magawang makuha ang pagsali ng magulang sa meeting sa resolusyon, ang pampublikong ahensya ay maaari, sa katapusan ng 30 araw na panahon ng resolusyon, mag-request na i-dismiss ng ALJ ang reklamo sa due process. Ang pagsasadokumento ng pagsisikap ng pampublikong ahensya ay dapat na kasama ang isang rekord ng mga pagsubok para maayos ang isang napagkasunduang oras at lugar, tulad ng:

- Mga detalyadong rekord ng mga tawag sa telepono na ginawa o mga tinangka at resulta ng mga tawag na iyon;
- Mga kopya ng correspondence o mga kasulatan na ipinadala sa magulang at anumang mga sagot na natanggap; at
- Mga detalyadong rekord ng mga pagbisita sa tahanan ng magulang o sa lugar kung saan nagtatrabaho ang magulang at ang mga resulta ng mga pagbisita na iyon.

Kung hindi magsagawa ang pampublikong ahensya ng meeting sa loob ng 15 araw na batay sa kalendaryo nang matanggap ang abiso ng due process na reklamo ng magulang o hindi nakilahok sa meeting ng resolusyon, maaaring hilingin ng magulang na magsimula ang pagdinig at ang desisyon ay ipalabas sa loob ng 45 araw na batay sa kalendaryo.

Kung ang magulang at ang pampublikong ahensya ay sumang-ayon sa isang kasulatan na bawiin ang meeting para sa resolusyon, sa gayon ang 45 araw na timeliness para sa pagdinig sa due process ay magsisimula kinabukasan.

Makalipas na mag-uumpisa ang pamamagitan o meeting sa resolusyon at bago ang katapusan ng 30 araw na panahon ng resolusyon, kung ang magulang at ang pampublikong ahensya ay sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na walang posible na kasunduan, sa gayon ang 45 araw na timeliness para sa due process na pagdinig ay magsisimula kinabukasan.

Kung ang magulang at ang pampublikong ahensya ay sumang-ayon na subukan ang

pamamagitan, sa katapusan ng 30 araw na takdang panahon sa resolusyon, ang parehong panig ay maaaring sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan na magpatuloy sa proseso ng pamamagitan hangga't may maabot na kasunduan. Gayunman, kung umalis ang magulang o ang pampublikong ahensya mula sa proseso ng pamamagitan, sa gayon ang 45 araw na takdang panahon para sa pagdinig sa due process ay magsisimula kinabukasan.

Kasunduan ng Pag-aareglo sa Resolusyon:

Kung ang resolusyon sa di pagkaksunduan ay naabot sa meeting ng resolusyon, ang magulang at ang pampublikong ahensya ay dapat gumawa ng isang nakasulat at legal na nagbubuklod na kasunduan na:⁽³⁶⁾

- Nilagdaan ng magulang at ng isang kinatawan ng pampublikong ahensya na may awtoridad na mabuklod ang pampublikong ahensya sa kasunduan; at
- Mapapatupad sa anumang korte sa Estado na may kompetenteng hurisdisyon (korte ng estado na may awtoridad na marinig ang ganitong uri ng kaso) o sa pederal na korte ng distrito.

Kung ang magulang at ang pampublikong ahensya ay pumasok sa isang kasunduan bilang resulta ng meeting para sa resolusyon, ang alinmang panig ay maaaring magpawalang bisa sa kasunduan sa loob ng tatlong (3) araw na may pasok sa trabaho.

Pagdinig sa Due Process:

Ang magulang o ang pampublikong ahensya na kasama sa di pagkakasunduan ay may oportunidad sa walang kinikilingan na pagdinig sa due process kapag nagsasampa ng isang reklamo sa due process. Ang isang magulang o pampublikong ahensya ay dapat humiling ng isang pagdinig sa loob ng dalawang taon mula sa petsa nang malaman ng magulang o pampublikong ahensya ang tungkol sa naparatang na kilos na bumubuo sa batayan ng reklamo sa due process. Ang mga eksepsyon lang sa dalawang taon na requirement ay: (1) kung ang magulang ay pinigilan na magsampa ng isang reklamo due process sanhi ng tiyak na maling pangangatawan ng LEA na nalutas nito ang problema na bumubuo sa batayan ng reklamo sa due process, o (2) kung ang magulang ay pinigilan mula sa pagsasampa ng reklamo sa due process sanhi ng pagpipigil ng LEA ng impormasyon na hiniling na ibigay sa isang magulang.

Ang Administrative Law Judge (ALJ):

- Siya ay isang empleyado ng Office of Administration Hearings, at hindi ng MSDE;
- Walang personal o professional na interest na sumasalungat sa kanilang layunin sa pagdinig;
- Ay may kaalaman at nauunawaan ang mga kondisyon ng IDEA, at ang pederal at pang-Estado na mga regulasyon hinggil sa IDEA, at ang mga legal na pagpapalinawag ng IDEA; at

⁽³⁶⁾ 34 CFR § 300.510(d).
Binago ng Mayo2021_FINAL
Epektibo Hulyo 1, 2021

- Ay may kaalaman at kakayahan na magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa at magsulat ng mga desisyon, na umaalinsunod sa naaangkop at standard na legal na pamamalakad.
- Ang taong dili kaya'y kuwalipikado na magsagawa ng isang pagdinig, ay hindi isang empleyado ng MSDE dahil lamang siya ay binabayaran ng MSDE para maglingkod bilang isang hearing officer.⁽³⁷⁾
- Magtatabi ang MSDE ng isang listahan ng mga taong naglilingkod bilang mga hearing officer, para magsama ng isang pahayag ng mga kuwalipikasyon sa bawat isa sa mga taong iyon. Ang impormasyong ito ay available sa website ng OAH.⁽³⁸⁾

Paksa ng isang Due Process na Reklamo:

Ang panig (ang magulang o pampublikong ahensya) na nagsampa ng due process na reklamo ay hindi maaaring magsabi ng mga isyu sa due process na pagdinig na hindi natugunan sa due process na reklamo, maliban kung sumang-ayon ang kabilang panig

Mga Karapatan sa Pagdinig:

Ang alinman sa mga panig sa anumang due process na pagdinig (kasama ang isang pagdinig sa mga pandisiplinang pamamaraan ng IDEA) ay may karapatan na:

- Kayo ang kumatawan sa inyong sarili o kumuha ng kinatawan na abogado sa mga due process na pagdinig na umaalinsunod sa State Government Article §9-1607.1, Annotated Code of Maryland;
- Samahan at payuhan ng isang abogado at mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay bilang paggalang sa mga problema ng mga bata na may mga kapansanan;
- Magpakita ng katibayan at ipagkumpara, i-cross examine, at hilingin ang pagdalo ng mga saksi;
- Ipagbawal ang pagpapakilala ng anumang katibayan sa pagdinig na hindi ipinahiwatig sa nasabing panig ng kahit man lang 5 araw na may pasok sa trabaho bago ang pagdinig;
- Kumuha ng nakasulat, o kung piliin ng magulang, electronic, word-for-word na rekord ng pagdinig; at
- Kumuha ng nakasulat, o kung piliin ng magulang, ang mga electronic na natuklasan na katotohanan at mga desisyon.

Karagdagang Impormasyon sa Pagpapahiwatig:

Kahit man lang limang (5) araw na may pasok sa trabaho bago ang due process na pagdinig, ang magulang at ang pampublikong ahensya ay dapat na ipahiwatig sa bawat isa ang lahat ng mga pagtatasa na nakumpleto sa pagsapit ng petsang iyon at ang mga rekomendasyon batay sa mga nasabing pagtatasa na nilalayon ng magulang o ng pampublikong ahensya na gamitin sa pagdinig. Maaaring hadlangan ng ALJ ang anumang panig na hindi sumunod sa requirement na ito mula sa pagpapakilala ng nauugnay na pagtatasa o rekomendasyon sa pagdinig ng walang pahintulot ng kabilang panig.

Mga Karapatan ng Magulang:

Ang magulang ay may karapatan na:

- Isama ang bata ;
- Buksan ang pagdinig sa publiko; at

⁽³⁷⁾ 34 CFR § 303.443(c)(2); 34 CFR § 300.511(c)(1-2).

⁽³⁸⁾ 34 CFR § 303.443(c)(3); 34 CFR § 300.511(c)(3).

- Ipa-rekord ang pagdinig, ang mga natuklasan na katotohanan, at mga desisyon na ibinigay sa inyo ng walang bayad.

Desisyon sa Pagdinig:

Ang desisyon ng ALJ kung ang isang bata ay nakatanggap ng free appropriate public education (FAPE) ay dapat na batay sa makabuluhang mga batayan. Sa mga paksa na nagpapatang ng paglalabag sa pamamaraan, maaaring malaman ng ALJ na ang bata ay hindi lang nakatanggap ng FAPE kung may mga kakulangan sa pamamaraan:

- Na nakagambala sa karapatan ng bata sa isang FAPE;
- Malaki ang pagkakagambala sa oportunidad ng magulang na lumahok sa proseso ng pagdedesisyon hinggil sa pagkaloob ng FAPE sa isang bata; o
- Nagdulot ng pagkakait sa isang benepisyo sa edukasyon.

Walang mga kondisyon na inilarawan sa itaas ay maaaring maipaliwanag para maiwasan ang ALJ na utusan ang pampublikong ahensya na sumunod sa mga requirement sa seksyon ng mga proteksyon sa pamamaraan ng pederal na mga regulasyon sa ilalim ng Part B ng IDEA (34 CFR 300.500 hanggang 300.536).

Ang desisyon ng ALJ kung ang bata ay angkop na nakilala, natasa, o inilagay, o kung ang bata ay angkop na nabigyan ng maagang pamamagitan na mga serbisyo ay dapat na batay sa makabuluhang mga batayan. Ang lahat ng mga bagay na nagpapatang ng paglalabag sa isang pamamaraan, maaaring matuklasan ng ALJ na ang bata ay hindi angkop na nakilala, natasa, inilagay, o nabigyan ng maagang pamamagitan na serbisyo kung may mga kakulangan sa pamamaraan:

- Pinigilan ang karapatan ng bata na makilala, matasa, at matalaga o pagkalooban ng mga serbisyo sa maagang pamamagitan para sa bata at sa pamilya ng bata;
- Lubos na napigilan ang oportunidad ng magulang na sumali sa proseso ng pagdedesisyon hinggil sa pagkikilala, pagtatasa, pagtatalaga o pagkaloob ng maagang pamamagitan na mga serbisyo para sa bata at sa pamilya ng bata; o
- Nagkait sa isang benepisyo sa edukasyon o development.

Hiwalay na Reklamo ng Due Process:

Walang nakasaad sa seksyon para sa proteksyon sa pamamaraan ng IDEA ang humahadlang sa magulang na magsampa ng isang hiwalay na reklamo sa due process sa isang isyu na hiwalay mula sa reklamo sa due process na naisampa na.

Mga Timeline at Kadalian ng isang Pagdinig:

Hindi hihigit sa 45 na araw na batay sa kalendaryo makalipas ang pagtatapos ng 30 araw na batay sa kalendaryo para sa mga meeting ng resolusyon o tulad nang inilarawan sa *Mga Pagbabago sa 30 Araw na Batay sa Kalendaryo na Takdang Panahon sa Resolusyon*, hindi hihigit sa 45 araw na batay sa kalendaryo makalipas ang katapusan ng takdang panahon sa pagwawasto:

- Ang panghuling desisyon ay magaganap sa pagdinig; at
- Isang kopya ng desisyon ang ipapadala sa kore sa bawat isang panig.

Maaaring magbigay ang ALJ ng mga extension na tiyak sa grant na higit pa sa 45 na takdang araw sa request ng alinmang panig. Ang bawat pagdinig ay dapat maganap sa oras at lugar na maginhawa para sa magulang at sa bata.

Pinabilis na Pagdinig sa Due Process (IEP LANG):

Ang pampublikong ahensya ay may pananagutan sa pag-aayos ng pinabilis na due process na pagdinig kapag ang isang due process na reklamo ay naisampa sa ngalan ng isang bata na may kapansanan, hinggil sa:

- Ang batang may kapansanan na hindi kasalukuyang naka-enroll at pumapasok sa paaralan;
- Ang pagtatalaga sa isang bata na may kapansanan sa isang interim alternative education setting; o
- Isang pagpapasya sa pagpapakita (manifestation).

Ang due process na pagdinig ay dapat maganap sa loob ng 20 araw na may pasok sa paaralan sa petsa nang naisampa ang reklamo. Dapat na magpasya ang ALJ sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan makalipas ang pagdinig. Isang meeting ng resolution ay dapat maganap sa loob ng pitong (7) araw na batay sa kalendaryo nang makatanggap ng abiso sa due process na reklamo, at ang due process na pagdinig ay maaaring magpatuloy maliban kung ang paksa ay nalutas ayon sa kasiyahan ng parehong panig sa loob ng 15 araw na batay sa kalendaryo nang mataggap ang due process na reklamo.

Mga Desisyon sa Pagdinig:

Makalipas na burahin ang anumang nagpapakilala sa pagkatao na impormasyon, ang pampublikong ahensya ay may pananagutan sa paglilipat ng mga natuklasan at desisyon sa State advisory panel at dapat rin na gawing available ang mga natuklasan at desisyon na iyon sa publiko.⁽³⁹⁾

Pinalidad ng Desisyon sa Pagdinig:

Ang desisyon ng ALJ ay pinal maliban kung i-apela ng alinman sa mga magulang o ng pampublikong ahensya. Sinumang panig na naging biktima ng mga natuklasan at desisyon ay may karapatan na magsagawa ng isang civil action bilang paggalang sa reklamong ipinakita sa due process na pagdinig.

Apela:

Alinmang panig sa pagdinig na hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan at desisyon ay may karapatan na mag-apela sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang civil action sa anumang korte ng Estado na kompetenteng hurisdiksyon o sa korte ng distrito ng Estados Unidos ng hindi isinasalang-alang ang laki ng kontrobersya sa loob ng 120 araw mula nag petsa ng desisyon ng ALJ.

Sa anumang civil action, ang korte ay:

- Makakatanggap ng mga rekord ng administratibong mga pagdinig;
- Makarinig ng mga karagdagang katibayan sa request ng magulang o sa request ng pampublikong ahensya.
- Batay sa desisyon nito sa kabigatan ng katibayan: at

⁽³⁹⁾ 34 CFR § 300.513(d).
Binago ng Mayo2021_FINAL
Epektibo Hulyo 1, 2021

- Bigyan ng relief na napagpasyahan ng korte na naaangkop.

Wala alinman sa Part B ng IDEA ay nagbabawal o naglilimita sa mga karapatan, pamamaraan, at remedyo na available sa ilalim ng U. S. Constitution, the Americans with Disabilities Act of 1990, Title V ng

Rehabilitation Act of 1973 (Section 504), o iba pang mga pederal na batas na nagpoprotekta sa mga karapatan ng batang may kapansanan. Maliban sa bago isampa ang isang civil action sa ilalim ng mga batas na ito na hangad ang relief na available rin sa ilalim ng Part B ng IDEA, ang mga pamamaraan sa due process na inilarawan sa itaas ay dapat na tapusin sa parehong saklaw na hinihiling kung ang magulang o pampublikong ahensya ay nagsampa ng kilos sa ilalim ng Part B ng IDEA. Ito ay nangangahulugan na ang mga magulang na may mga remedyo na available sa ilalim ng iba pang mga batas na pumapatong doon sa mga available sa ilalim ng IDEA, pero sa pangkalahatan, para makakuha ng relief sa ilalim ng mga nasabing batas na iyon, dapat munang gamitin ng mga magulang ang available na administratibong remedyo sa ilalim ng IDEA (hal. ang reklamo sa due process, ang meeting sa resolusyon, at mga pamamaraan para sa walang kinikilingan na pagdinig sa due process) bago direktang magpunta sa korte.

MGA KAUKULANG SINGILIN NG ABOGADO

IEP at IFSP 34

C.F.R. § 300.517

Sa anumang kilos o paglilitis na mapapailalim sa IDEA, maaaring ipagkaloob ng korte sa pagpapasya nito ang mga kaukulang singilin sa may katuwirang mga singilin ng abogado sa:

- Ang mga magulang o tagapag-alaga ng isang bata na ma kapansanan na isang nangingibabaw na panig;
- Sa isang nangingibabaw na panig na isang MSDE o anumang iba pang pampublikong ahensya laban sa abogado ng magulang na nagsampa ng reklamo o sumunod na pagkilos na walang halaga, hindi makatuwiran, o walang batayan, o laban sa abogado ng magulang na patuloy na nakikipaglitiga makalipas na ang litigasyon ay manaw na nawalan ng halaga, nawalan ng katuwiran, o walang batayan; o
- Sa isang nangingibabaw na panig na isang MSDE o anumang pampublikong ahensya laban sa abogado ng magulang, o laban sa magulang, kung ang reklamo ng magulang o sumunod na pagkilos ay ipinakita para sa anumang di wastong layunin, tulad ng pag-harass, para magdulot ng di kinakailangang pagkakaantala, o hindi kinakailangan na pagtaas ng gastusin sa litigasyon.

Ang mga ibinigay na kaukulang bayad ay dapat na batay sa mga rate na nangingibabaw sa komunidad kung saan ang kilos ay nanggaling para sa uri at kalidad ng mga ipinagkaloob na serbisyo. Walang bonus o multiplier ang maaaring gamitin sa pagkukuwenta ng mga ibinigay na kaukulang bayad. Ang mga available na pondo sa ilalim ng IDEA ay hindi gagamitin para suportahan ang mga legal na kaukulang bayad, mga gastusin sa korte, o iba pang mga gastos na mauugnay sa pagkilos na ginawa sa ngalan ng isang batang may kapansanan para matiyak ang FAPE.

Ang mga kaukulang bayad ay di maaaring ibigay sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

- Para sa anumang IFSP o IEP team meeting maliban kung ito ay inutos bilang resulta ng isang pagdinig sa due process o judicial na kilos;

- Para sa pamamagitan na ginawa bago ang pagsasampa ng isang due process na reklamo;
- Para sa mga meeting ng resolusyon; at
- Para sa mga serbisyo kasunod ng isang offer ng nakasulat na pakikipag-areglo sa magulang kung:
 - Ang offer ay gawa sa loob ng mga timeline sa ilalim ng Rule 68, Federal Rules of Civil Procedure, o sa isang administratibong pagdinig, na higit sa sampung araw bago ang pagsisimula ng pagdinig;
 - Ang offer ay hindi tinanggap sa loob ng sampung araw; at
 - Nalaman ng korte na ang relief na nakuha ng magulang sa pagdinig ay hindi mas kapaki-pakinabang sa magulang kaysa sa offer na pakikipag-areglo. Ang mga kaukulang bayad ay maaaring ibigay kung ang magulang ay malaki ang pangangatuwiran sa pagtatangi sa offer na pakikipag-areglo.

Ang mga kaukulang bayad ay maaaring bawasan sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari:

- Ang magulang o abogado ng magulang ay walang katuwiran na pinatagal ang paglulutas sa di pagkakasunduan;
- Ang halaga ng mga kaukulang bayad na di makatuwiran na higit sa orasang rate na nangingibabaw sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na makatuwirang makukumpata ang kakayahan, reputasyon, at karanasan;
- Ang oras at mga serbisyo ay sobra-sobra kung ikokonsidera ang kalikasan ng paglilitis; o
- Ang abogado ay hindi nagbigay ng naaangkop na impormasyon sa pagsasampa ng abiso sa request ng due process na pagdinig.

Ang mga kaukulang bayad ay di babawasan kung:

- Ang pampublikong ahensya ay nagpatagal ng resolusyon; o
- May paglalabag sa mga requirement para sa proteksyon ng pamamaraan.

Dahil sa karapatan ng magulang na mabawi ang mga kaukulang bayad ay depende sa pagtutugon sa ilang mga kondisyong naitalaga sa IDEA, dapat talakayin ng mga magulang ang paksang ito sa kanilang mga abogado.

ATTACHMENT: IDEA DISPUTE RESOLUTION PROCESSES COMPARISON CHART

	PAMAMAGITAN	REKLAMO NG DUE PROCESS	PROSESO NG RESOLUSYON	REKLAMO NG ESTADO
Sino ang maaaring magpasimula sa proseso?	Ang magulang o pampublikong ahensya, pero kailangang kusang loob para sa parehong panig	Magulang o pampublikong ahensya	Na-schedule ng pampublikong ahensya ang meeting ng resolusyon sa pagtanggap ng reklamo ng due process maliban na lang kung sumang-ayon ang mga panig na bawiin o gumamit ng pamamagitan	Sinumang indibiduwal o organisasyon kasama na iyong mga wala sa estado
Ano ang limitasyon sa oras para sa pagsasampa?	Walang Tiniyak	2 taon nang nalaman ng panig o dapat na nalaman ang problema na may mga limitadong inaasahan ¹	Pinasimulan ng reklamo ng due process ng magulang	1 taon mula sa petsa ng nasabing paglalabag
Anong mga isyu ang malulutas?	Anumang paksa sa ilalim ng Part 300, kasama ang mga paksa na mula sa paunang pagsasampa ng reklamo sa due process (may mga eksepsyon ba) ²	Anumang paksa na may kaugnayan sa pagkikilala, pagtatasa o pagkakatalaga sa pag-aaral o pagkakaloob ng free appropriate public education (may mga eksepsyon)	Tulad ng mga isyu na sinabi sa reklamo sa due process ng magulang	Mga pinaratang na paglalaag sa Part B ng IDEA o Part 300
Ano ang timeline para malutas ang mga isyu?	Walang Tiniyak	45 araw mula sa pagtatapos ng takdang panahon ng resolusyon maliban kung may tiyak na extension sa timeline ang ipinagkaloob ^{3, 4}	Ang pampublikong ahensya ay dapat magtipon sa isang meeting ng resolusyon sa loob ng 15 araw nang matanggap ang reklamo sa due process ng magulang, maliban na lang kung sumang-ayon sa pamamagitan ng kasulatan para bawiin ang pagpupulong o sumang-ayon na gumamit ng pamamagitan Ang takdang panahon ng resolusyon ay 30 araw ang matanggap ang reklamo sa due process ng magulang maliban na lang kung ang mga panig ay sumang-ayon sa ibang paraan o ang magulang o pampublikong ahensya ay nabigong sumali sa meeting ng resolusyon o ang pampublikong ahensya ay nabigong tumawag ng isang meeting ng resolusyon sa loob ng 15 araw nang matanggap ang reklamo sa due process ng magulang ^{3, 5, 6, 7}	60 araw mula nang matanggap ang reklamo maliban kung may pinahintulutan na extension ⁸
Sino ang lulutas ng mga isyu?	Magulang at pampublikong ahensya na may mediator Ang proseso ay boluntaryo at ang parehong mga panig ay dapat sumang-ayon sa anumang resolusyon	Hearing Officer/ Administrative Law Judge (ALJ)	Magulang at pampublikong ahensya Ang parehong mga panig ay dapat sumang-ayon sa anumang resolusyon	Maryland State Department of Education ⁹

¹ Ang limitasyon sa panahon ay hindi gagamitin sa isang magulang kung ang magulang ay pinigilan na magsampa ng reklamo ng due process sanhi ng: (1) tiyak na maling pangangatawan pampublikong ahensya na nalutas ang problema na bumubuo ng batayan sa reklamo ng due process; o (2) ang pagtatago ng impormasyon ng pampublikong ahensya mula sa magulang na hiniling sa ilalim ng Part 300 ng IDEA na mabibigay sa magulang (34 C.F.R. §300.511(f)).

² Ang mga nasabing eksepsyon ay kinabibilangan ng: ang pampublikong ahensya ay hindi maaaring magsampa ng reklamo sa due process o gumamit ng pamamagitan para ipasantabi ang pagtanggap ng magulang na magbigay pahintulot sa paunang pagkakaloob ng special education services (34 C.F.R. §300.300(b)(3)); ang pampublikong ahensya ay hindi maaaring magsampa ng reklamo sa due process o gumamit ng mediation para maisantabi ang pagtanggap ng magulang na pahintulutan ang isang paunang pagtatasa o muling pagtatasa ng naitalaga ng magulang na pribadong paaralan na bata o isang bata na nasa home school; (34 C.F.R. §300.300(c)(4)(i)); ang karapatan ng mga magulang sa mga batang itinalaga ng mga magulang sa pribadong paaralan na magsampa ng isang reklamo sa due process ay limitado sa kabiguan ng pampublikong ahensya na matugunan ang mga requirement sa bata (34 C.F.R. §300.140); ang kabiguan ng pampublikong ahensya na magkaloob ng lubos na kuwalipikadong guro ay hindi isang isyu na sumasailalim sa due process, pero ang reklamo sa Estado ay dapat isampa sa State Education Agency (SEA) (34 C.F.R. §300.156(e)).

³ Kung ang reklamo ng due process ay isinampa para sa pinabilis na pagdinig alinsunod sa pandisiplinang mga pamamaraan, o ang bata ay hindi kasalukuyang naka-enroll o pumapasok sa paaralan, ang takdang panahon ng resolusyon ay 15 araw na batay sa kalendaryo (na kung saan ang meeting ay ginagawa tuwing 7 araw). Kung ang paksa ay hindi nalutas ayon sa kasiyahan ng parehong panig, ang pagdinig ay dapat maganap sa loob ng 20 araw na may pasok sa paaralan mula nang hilingin ang pagdinig at isang desisyon ay dapat ipalabas sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan makalipas ang pagdinig. (34 C.F.R. §300.532(c) at COMAR 13A.05.01.15).

⁴ Isang hearing officer/ALJ ay maaaring magbigay ng tiyak na extension sa panahon kung hilingin ng alinman sa panig. (34 C.F.R. §300.516(c)).

⁵ Ang mga regulasyon ay nagpapahintulot ng mga pag-aayos sa 30 araw na takdang panahon ng resolusyon. Ang 45 araw na timeliness para sa pagdinig sa due process ay magsisimula isang araw makalipas ang isa sa mga sumusunod na pangyayari: (1) ang parehong panig ay sumang-ayon sa kasulatan na bawiin ang meeting ng resolusyon; (2) makalipas ang pamamagitan o ang meeting ng resolusyon ay magsimula pero bago matapos ang 30 araw na takdang panahon, ang mga panig ay sumasang-ayon sa kasulatan na walang posibleng kasunduan; (3) kung ang parehong mga panig ay sumasang-ayon sa kasulatan para magpatuloy sa pamamagitan sa katapusan ng 30 araw na takdang panahon, pero lumaon, umalis ang magulang o pampublikong ahensya mula sa proseso ng pamamagitan. (34 C.F.R. §300.510 (c)).

⁶ Ang kabiguan ng magulang na sumali sa meeting sa resolusyon ay magpapaantala sa mga timeline para sa proseso ng resolusyon at pagdinig sa due process hangga't maganap ang meeting. (34 C.F.R. §300.510(b)(3)).

⁷ Kung ang pampublikong ahensya ay nabigo na gawin ang meeting ng resolusyon sa loob ng 15 araw nang matanggap ang due process na reklamo ng magulang o nabigo na lumahok sa meeting ng resolusyon ang magulang ay maaaring humingi ng pangangialam ng isang ALJ para masimulan ang timeline para sa due process na pagdinig (34 C.F.R. §300.510(b)(5)).

⁸ Ang timeline para malutas ang reklamo sa Estado ay maaaring i-extend kung may di karaniwang mga pangyayari bilang paggalang sa isang partikular na reklamo, o kung ang magulang (o indibiduwal o organisasyon), kung may available na pamamagitan o iba pang mga alternatibong pamamaraan sa paglulutas ng di pagkakasunduan para sa indibiduwal o organisasyon sa ilalim ng mga pamamaraan ng Estado) at ang pampublikong ahensya ay sumasang-ayon na patagalin ang panahon para makasali sa pamamagitan o para makasali sa iba pang alternatibong paraan para malutas ang di pagkakasunduan, kung available sa Estado (34 C.F.R. §300.152(b)(1)).

⁹ Ang mga pamamaraan para sa reklamo sa MSDE ay nagbibigay sa pampublikong ahensya na oportunidad na sumagot sa isang reklamo, kasama na, sa pagpapasya ng pampublikong ahensya, isang mungkahi na lutasin ang reklamo; at isang oportunidad paa sa magulang na nagsampa ng isang reklamo at ang pampublikong ahensya na kusang sumali sa pamamagitan. (34 C.F.R. §300.152(a)(3)). Sa ilang mga kaso, ang nagrereklamo at ang pampublikong ahensya ay maaaring malutas ang di pagkakasunduan nang hindi kinakailagnan ang MSDE na lutasin ang paksang ito.

Maryland State Department of Education
Division of Early Intervention & Special Education
Services 200 West Baltimore Street
Baltimore, Maryland 21201
410-767-0249 (telepono)
410-333-1571 (fax)
<http://www.marylandpublicschools.org>